


ANG TINANGGIHANG HARI

 ...para maiparating ang kaluwalhatian ng Panginoon sa atin ngayon sa pamamagitan ng pagmi-ministryo ng Salita. At ito'y isang . . .

² Nitong katatapos na linggo, medyo wala ako sa kasiglahan. Di naman talaga masasabing walang sigla; isang pagsusuri ang kailangan kong daanan, isang pisikal na pagsusuri. At 'yun po ang nabalitaan n'yo, na nagpunta ako sa ospital. At dahil nga nagpunta ako roon nang sa gayon di na ako magpabalik-balik pa sa pagtawid sa ilog. Kung kayo po'y magpapatingin ng itaas na tiyan n'yo, at ibabang tiyan. At ginagawa nila, na kada ilang minuto'y, babalik sila at magi-xray uli. Haya't kailangan namin talagang dumaan sa ganoon, kung nag-iibayong dagat kami para mag-misyon, kada anim na buwan. Si Kapatid na Roberts at sila, sa palagay ko, parang kada anim na buwan sila dumadaan sa pagsusuri. Pero ako nga'y wala pa ni isa sa loob ng apat na taon na.

³ Ang problema nga lang, ayaw ko po talaga nung langis na castor na 'yun, 'yun lang po talaga. At ang sabi nila wala na raw silang ibang maibibigay, na iba, kaya ako, oh, talagang sumama ang pakiramdam ko nung bigyan nila ako nun. Alam n'yo, nabanggit ko na sa inyo, sa kuwento ng buhay ko, kung paanong pinasasama nun ang pakiramdam ko. At—at talagang di ko talaga maatim na inumin ang bagay na 'yun. At ang sabi ko tuloy sa mabait kong doktor na kaibigan, na kung . . . “Wala na bang iba?”

At ang sabi niya, “Wala na, Kapatid na Branham.”

⁴ Oh, nung dumating 'yung binibining 'yun dala-dala 'yun, antimano'y halos, siguro'y eksaherado lang ako, pero, parang halos sangkapat na galon po 'yun. Yun—'yun nga'y. . . Di pa ako nakakakita nang ganoong karami kahit kailan. At talagang pinisil ko ang ilong ko't halos di ako humihinga. Pero buti na lang at nainom kong lahat.

⁵ Pero ngayon, sa kabila ng lahat ng pagsusuri na 'yun, at lahat ng 'yun na kailangang daanan, gusto kong pasalamatang ang Panginoon para sa pagsusuri na 'yun na walang naging problema. Ako po'y pumasa, nang sangdaang porsiyento, kaya puwede na akong magpunta saan mang lupalop ng mundo na naisin kong puntahan. Haya't tinanong ko pa ang mga doktor, na tatlo sa pinaka magagaling na espesyalista, na, sa aking—sa aking palagay, sa Louisville. At tinanong ko sila, sabi ko, “Ako po ba'y maski papaano'y nasa sampung porsiyento lang ang inkapasidad ko?”

6 Sabi, “Ni katiting na inkapasidad ay wala ka.” Sabi—sabi, “Malusog na malusog ka, saan man tingnan.” At kaya ganoon na lamang ang pasasalamat ko sa Diyos. Kanino pa ba ito manggagaling kundi mula sa ating Makalangit na Ama, kita n’yo, na ganoon ang kalusugan ko?

7 At ang sabi niya, “Ang iyong . . . Lahat ng daluyan mo’y nagpapakita, riyan, na bata ka pa.” Sabi niya, “Yung mga selyula mo ng dugo’y wala pang sira, o anuman.” Sabi niya, “Nasa mabuti kang kalusugan, Kapatid na Branham.”

At ang sabi ko, “Buweno, labis akong nagagalak.”

8 At ako’y nagkaroon ng pribilehiyo na makapangusap ako, makapag patotoo sa bawat nars sa ospital na ’yun, at sa bawat doktor, tungkol sa Kaharian ng Diyos. At may isang doktor dun, sa palagay ko’y dadalo raw siya sa umagang ito. At ako—ako’y . . . Nagagalak nga ako na malaman na may mabubuti pa ring mga kalalakihan sa mundong ito, talagang mararangal na mga lalaki, mga kalalakihan na sumuri sa akin nang limang araw, sa pisikal na eksaminasyon, na aabot ng dalawa o tatlong daang dolyar ang isang tinginan. Nung matapos na ako, ang sabi nila, “Ambag na namin ’yan sa gawain ng Panginoon, na ginagampanan mo.” Kita n’yo. Siyanga. Ni kusing . . . Sabi, “Naku, kami pa po dapat ang mahiya, na tatanungin mo kami kung may utang ka sa amin.” Sabi, “Sapat na sapat na ang mga pananalangin mo sa amin!”

9 “At sa loob,” sabi nila, “may nakita kaming bagay na may kinalaman sa emosyon na di namin maunawaan.” At ang sabi ko . . . “Kami . . . Ito’y—ito’y di halatang ganoon . . .” Sabi niya, “Sa labas, wala kang pagkanerbiyos o pagkaligalig. Pero,” sabi, “sa loob, may emosyon dun na di namin maunawaan.”

10 Sabi ko, “Kung mauupo kayo rito nang kaunting sandali, sasabihin ko sa inyo.” At kaya sinabi ko ang tungkol sa mga pangitain. Iba ngang larangan ’yun para sa kanila. Wala silang alam sa bagay na ’yun. Sinaysay ko sa kanila ang tungkol sa Biblia. Pagkatapos sinabi ko sa kanila ang tungkol sa pangitain na ibinigay sa akin ng Panginoon nung isang araw, at sila nga’y umiyak na parang mga sanggol. Sadya pong naupo lamang dun at nagsiiyak. At ako . . . sila . . . sabi ko, “Umaasa ako na di n’yo ako pag-iisipan na isa akong baliw sa relihiyon o kung ano.”

11 Sabi, “Hinding-hindi, Kapatid na Branham. Naniniwala ako riyan nang buong puso ko.” Sabi niya, “Pero may isang bagay lang akong gustong sabihin. Hindi ka naman nagpunta sa paaralan para pag-aralan ang ganyang mga bagay.” Sabi, “Kaya naniniwala ako na ang mga ito’y nanggaling sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat.” At tatlo po ito sa namumukod-tanging mga manggagamot sa Louisville, ang pinaka mahusay nila roon. At, kaya, sadya nga akong nagagalak dahil diyan, at sa

pagkabatid na marahil niloob ng Panginoon na makapag tanim ako ng ilang binhi sa dako roon.

¹² Bawat nars, nakapangusap ako sa kanila. Sila, nung isang umaga, nung paglabas ko galing sa silid na pinagi-xrayhan, sinabi ko sa . . . May nakita ako roong kaawa-awang matandang babae. Malubha ang karamdaman niya. At unti-unti akong lumakad, lumakad hanggang sa makarating ako sa kanya. Sa tingin ko nga'y parang mamamatay na siya. At sabi ko, "May gusto po akong itanong sa iyo, kapatid na babae."

Sabi niya, "Sige lang po, ginoo."

Sabi ko, "Isa po ba kayong Cristiano?"

At sabi niya, "Kabilang po ako sa *isang* iglesya."

¹³ At sabi ko, "Gusto ko lang pong linawin pa sana 'yun nang husto," Sabi ko, "Gusto ko—gusto ko pong malaman kung isa po kayong Cristiano, sadyang tunay na Cristiano. Na, kung tatawid ka na sa ibayo sa dagat na ito ng buhay, patungo sa kabilang Lupain, sadya bang iniibig mo Siya?" Sabi ko, "Tiyak na maliligtas po ba kayo?"

At ang sabi niya, "Opo, ginoo. Maliligtas ako."

¹⁴ At sabi ko, "Pagpalain ng Diyos ang puso mo kung ganoon. Na kahit saan pang direksyon umihip ang hangin, mananatili kang panatag, basta't mananatili ka sa ganyan."

¹⁵ At kung lilibot lamang tayo, marami pang mabubuting tao ang natitira sa mundo.

¹⁶ Ngayon, sa araw pong ito, naparito po ako na may isang pangitain na sasabihin ko sa inyo maya-maya. At nais ko pong mangusap, muna, nang kaunti sa Salita, dahil naniniwala ako na ang Salita ay tunay na napakahalaga, ang pinaka mahalaga mismo ngayon. At nagagalak ako na makita si Charlie Cox, at, ang kapatid na, kaibigan kong nakatayo riyan, kasama niya. Si Kapatid na, di ko lang po maisip . . . Jeffries, di ko lang maisip ang pangalan niya. Pati ang marami sa inyo na mga kalugud-lugod na mga kapatid galing Georgia, mula sa iba't ibang panig ng bansa. Ang matagal ko nang kaibigan, si Bill, na nakaupo sa banda rito, sa palagay ko, sa umagang ito. At—at marami . . . At ang kapatid na lalaki riyan na mula sa Georgia, na nagbigay po sa akin ng amerikanang ito. Alam n'yo, ito nga'y—ito nga'y isa sa pinaka maiinam na amerikanang nasuot ko. Ang ganda po sa pakiramdam, talagang napaka inam. At napaka halaga n'yo sa akin. Kapag ikinuwento ko na sa inyo kung ano 'yung nangyari nito-nito lang, nitong katatapos lang na ilang araw, sa akin, makikita n'yo kung bakit iniisip ko na napaka halaga mismo nito sa akin.

¹⁷ Ngayon, naniniwala ako, kung loobin ng Panginoon, gusto ko pang magpursigi nang mas higit kaysa sa pakikipagbaka ko dati, sa buhay ko. Dahil, napagtanto ko ngayon na . . . Haya't,

maaari nga akong mamatay mismo ngayon. Yan nga'y, di n'yo alam. Yung electro-cardiogram ko po't lahat, labing-anim na iba't ibang klase ng pagi-xray, hayon nga, kumpletong pisikal na pagsusuri, ipinapakita na ako nama'y. . . normal na normal gaya ng karaniwang tao, pangkaraniwang tao sa mundo. Kaya nagpapasalamat ako dahil diyan. Pero, sa lahat ng 'yan, sa kabila ng lahat ng 'yan, at heto nga akong nagpapasalamat at abot-abot ang aking pasasalamat sa Diyos, na heto ako, na haya't naniniwala ako na Kanya pa ring pinapanatili ako sa Kanyang gawain, di man 'yun ang Kanyang ipinakita sa akin kamakailan bago 'yun, kita n'yo, kaya ganoon na lamang ang kagalakan ko dahil doon.

¹⁸ Ngayon, iniisip ko, mamayang gabi. . . Ayos lang po ba sa inyo? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Ayos, lang."—Pat.] Ang kalugud-lugod nating—nating kapatid ay—ay mapagpaubayang tao po talaga, si—si Kapatid na Neville. At kung may ilan sa inyo na narito nung nakaraang Linggo at napakinggan 'yung kahanga-hangang mensahe na 'yun na kanyang ipinangusap, tungkol sa "banga ng langis," isa po 'yun sa bukod. . . Isa po 'yun sa pinaka bukod-tanging mensahe na napakinggan ko kailanman, 'yun pong ipinangusap ni Kapatid na Neville, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, nung nakaraang Linggo, sa munting kawan na ito ng mga tupa na tinipong magkakalakup ng Diyos.

¹⁹ At kung ito'y ayos lang, na magiging kalugud-lugod ito sa Panginoon, at kay Kapatid na Neville at sa iglesya, nais ko pong makapangusap uli mamayang gabi at magpasimula ng isang serye tungkol sa, marahil, sa Lunes ng gabi. . . Ang ibig ko po palang sabihin, ay Linggo ng gabi, at Miyerkules ng gabi, at sa kasunod na Linggo, patungkol sa isang serye na akin pong pinag-aaralan.

²⁰ Hindi po sana ako mananatili nang matagal dun sa ospital. Pero sila nga'y naging napakabuti sa akin, na ibinigay nila sa akin nang sang-katlong bahagi na lang ng presyo 'yung silid. At kaya minabuti ko pong kunin ang aking mga Biblia, mga aklat ko, at inayos ang posisyon ng higaan, at naupo roon nang kumportable, at inilapag dun ang lahat ng mga Biblia ko't mga gamit sa buong paligid. At talagang tuwang-tuwa ako sa oras ko roon, hanggang sa dalhin na nila 'yung langis na castor sa silid. Nahinto tuloy ang katuwaan ko roon. Ako'y—ako'y tapos na rin naman noon. Pero, Kapatid na Pat, talagang sumama 'yung pakiramdam ko noon. Yung bagay na 'yun, di ko talaga kayang sikmurain. At, pero, ako'y tuwang-tuwa, nung unang mga tatlo o apat na araw. Tuwang-tuwa ako sa pagkakataon na 'yun.

²¹ At pinag-aaralan ko noon ang Aklat ng Mga Taga-Efeso. Oh, 'yung paglalalakup na pagsasa-ayos ng Iglesya. At iniisip ko nga na isa 'yung napaka gandang bagay. At—at kung kayo. . .

22 Ngayon, kung kayo po'y may simbahan na dinadaluhan, sige po't dapat lang naman na magpunta kayo at manatili kayo sa nakaatang n'yong tungkulin doon. Pero kung wala naman kayong simbahan, at marahil gusto n'yong makabalik dito mamayang gabi, at sa Miyerkules ng gabi, at Linggo ng gabi.

23 Gusto kong talakayin, mamayang gabi, ang unang Aklat ng Efeso; at sa Miyerkules ng gabi, ang ika-2 kabanata naman ng Efeso; at sa susunod na Linggo, ang ika-3 kabanata ng Efeso; para ilagay ang Iglesya sa kaayusan. Alam n'yo ang ibig kong sabihin, isa po itong paglalagay sa lugar Nito, pagpoposisyon. At iniisip ko na magiging pagpapatibay ito, para sa Iglesya. Di po ito. . . Ako'y—ako'y nangungusap tungkol sa bagay na ito sa mga dumadalo sa Branham Tabernacle.

24 At kung may ilan po sa inyo na mga minamahal na kapatid. . . Alam ko na ang ilan sa inyo, sa palagay ko, ang may mga pagtitipon. Ang munti nating kapatid ay naroon sa dako ng Sellersburg, at—at sa iba't ibang lugar pa, na nagdadaos ng mga pagtitipon. Ngayon, tingnan n'yo, ang mga 'yun ay mga pagtitipong rebaybal. Daluhan n'yo po ang mga 'yun. Sila'y mga lingkod ni Cristo, mga kabataang lalaki na tumatayo sa paninindigan, na nagsilabas. Gayong sa kabila ng pagtangga ng kanilang sariling iglesya sa Katotohanan, at mga bagay na gaya nun, sila'y nagsilakad palabas dun. At tinawag sila ng Diyos sa pagmi-ministryo. Siyanga, po. Ako—ako nga'y hanga sa isang tao. . . Di ko lang po maalala ang pangalan nung lalaki. Pero isa po siyang kabataang lalaki, mainam, na kaaya-ayang lalaki, at may kalugud-lugod na asawa at mga anak.

25 At—at si Kapatid na Junie Jackson ay nagdadaos ng ilang mga pagtitipon sa dako rito, na siyanga ring kahanga-hanga't, pambihirang tropeo ng kamangha-manghang biyaya ng Diyos. At kung sila po'y nagdadaos ng mga rebaybal sa inyong mga kaiglesyahan, sige po't magpunta kayo sa mga ganito, dahil 'yan ang inyong. . . 'yan ang bagay na dapat gawin. Dahil, di n'yo lang alam, may makasalanan marahil na dudulog sa altar, at kayo ay magkaroon ng inspirasyon na akayin ang tao na 'yun kay Cristo, na magiging dakilang gantimpala n'yo pagdating sa kabilang ibayo.

26 Kaya ito po'y pagtuturo at paglalagay lamang sa Iglesya sa kaayusan nito, dito sa tabernakulo, na makakatulong sa ating pagpapatuloy.

27 Ngayon, di ko po nadala ang aking relo, kaya marahil may isa siguro na titingin ng oras para sa akin. Hayan nga si Doc na ipinakita niya sa akin ngayon, na may dala siya. Kaya, kapatid ko. . . Kaya ngayon po. . . [Sinababi ni Kapatid na Edgar “Doc” Branham, “Hindi kita sisingilin nang malaki para rito,” at iniabot ang kanyang relo kay Kapatid na Branham—Pat.] Di mo ako sisingilin nang malaki para rito? Sige. Buweno, ngayon,

napaka inam po. Buweno, ngayon, sa palagay ko'y di sapat ang bagay na 'yun, unang-una. Kaya . . . ["Salamat. May sasabihin akong isang bagay na may kinalaman sa iyo."] Ngayon, oh, oh, sh-sh-sh-sh. ["May sampung sentimos akong di ko isinama, sa kaarawan ko, ngayong umaga, para gumaan ang pakiramdam mo."] Siyanga ba? Ngayon sadyang . . . Parang ang ganda ng takbo ng orasan na ito kung ganoon, Doc. Ang sabi niya'y may di siya isinamang sampung sentimos, sa kaarawan niya, para mas gumaan ang pakiramdam ko, dahil may dalawa o tatlo ang dipirensya ng agwat niya at ako. Kaya nakikita n'yo po kung nasaan na ako, rito sa lakbayin. Pero, oh, ni katiting na pag-aalala'y wala po 'yung anuman, sa akin. Ngayon, di na po ako masyadong mangungusap nang matagal.

²⁸ Ngayon, kung may mga baguhan sa aming mga pintuan, tunay na ikinalulugod naming patuluyin kayo nang buong puso namin. Malugod na tinatanggap namin kayo rito sa munting tabernakulong ito. Di po ganoong kalakihan ang aming gusali rito. May plano na para makapag patayo kami, nang di naman ganoong kalakihan, pero basta isang . . . Ito po kasi'y medyo may kalumaan na rin. At sinisikap namin na makapag patayo ng isang mainam na munting kumportableng bahay-sambahan dito, sa lalong madaling panahon na kami . . . loobin sa amin ng Panginoon na gawin 'yun. At marami po sa inyo ang buo ang pagpupursigi na makatulong dito, at tunay ngang ikinagagalak namin 'yan.

²⁹ Ngayon nais kong bumuklat kayo kasama ko, sa umagang ito, sa pagbasa, sa Unang Samuel sa ika-8 kabanata at simulan natin sa, magsimula tayo sa ika-19 na talata, sa ika-19 at ika-20 talata, marahil, para sa ilang teksto para sa isang konteksto.

³⁰ At ngayon, habang papunta na kayo rian, at bago naman tayo . . . Babasahin natin, at pagkatapos nais nating dumako sa pananalangin. At may mga kahilingan po ba sa umagang ito, at kaya sabihin n'yo lang, "Ako po'y alalahanin mo"? Noong nakaraan nating pagtitipon, dalawang linggo ang nakararaan, o tatlo, nung magdaos ako ng pagtitipon . . . Haya't, tayo . . .

³¹ Siyanga po pala, habang bumubuklat kayo, may pagtitipon na sisimulan sa Chautauqua, sa ika-6. Nag-aasam tayo ng isang dakilang panahon, sa Middletown, Ohio. Sa inyo po rian na nakabakasyon sa panahon na 'yan, magpunta po kayo. At sa malaking kampingan ito, sa may tabi ng ilog, kung saan, oh, tayo . . . haya't lahat ng pangangaral na maririnig n'yo kailan man. Lahat sila'y magsisitungo mula taas-baba ng ilog, mga mangangaral, bawat umaga, buong maghapon at magdamag. Haya't lahat sila'y magtitipon-tipon dun nang sama-sama. Isa po 'yung malaking kampingan, mas malaki po kaysa sa Silver Hills, nang di hamak. At—at may malaking lugar po roon na magagawa nating makapagpapunta ng nasa walo at sampung

libong mga tao. At lagi po 'yung puno. Nagtatamasa kami lagi ng dakilang panahon sa Ohio.

³² At ang matandang Kapatid na Kidd, na ipinanalangin ko, nung isang umaga. Naaalala n'yo ba nung mabanggit ko ito sa inyo, tatlong linggo na ang nakararaan? Tinaningan na siya ng doktor ng dalawampu't apat na oras na lamang, para mabuhay. Heto nga siyang nakakatayo at nakakapaglakad pa. May sinipi siyang Kasulatan, isang awitin na di niya maawit. At nung magpunta na ako roon at kinumusta siya, nung isang umaga, at 'yung maliit na balabal na 'yun ay nakapatong sa kanya. Ako nga'y umalis dito nang tatlo o apat na oras bago mag-umaga, para madatnan ko siya. Ang sabi nila'y mamamatay na siya nung araw na 'yun; kanser sa prostate.

³³ At 'yung minamahal niyang, munting, matandang asawang babae, siya'y naglalabada sa halagang limampung sentimos kada araw; bago nga 'yan mag-umaga, hanggang sa maggabi, sa halagang apatnapung sentimos, para maitaguyod lang ang asawa niyang lalaki na humahayo sa labas bilang mangangaral. Nangaral doon sa dalawang-linggong rebaybal, at lumikom ng kaloob, nakalikom ng walumpung sentimos.

³⁴ Pero haya't nakita ko nga sila na nakaupo rian nung isang umaga, silang dalawa na kalugud-lugod na, matandang mag-asawa, kalugud-lugod na pares, siyanga, na nakaupo rian, at 'yung maliit na balabal nung lalaki'y nakapatong sa balikat niya. At 'yung isa sa mga naakay niya, siyamnapu't dalawang taong gulang na, na sa kabila nun ay talagang matalas pa rin ang isip at masigla, at sadyang Pentecostes sa kaibuturan, at nakaupo rian, alam n'yo. At ang sabi ko, "Alam n'yo ba kung para sa ano na kayo na mga matatanda'y nakaupo rito? Haya't sadyang naghihintay na lamang sa pagdating ng bangka." Iyon na lamang. Ang mga gawa nila, lahat ng kanilang mga naabot, isang-isang layon na kanilang naabot, at sila nga'y handa na ngayon para dumako na sa kanilang gantimpala.

³⁵ At binanggit ko kay Kapatid na Chev, ang bagay na 'yun kay Kapatid na Kidson. . . Kidd, nung umagang 'yun, "Tiyakin mong makakapunta ka sa pagtitipon sa Chautauqua."

³⁶ Tinawagan niya ako kahapon, sabi, "Ako'y. . . Magpupunta ako, Kapatid na Branham." Napaka inam nga.

³⁷ Marami sa pagtitipong 'yun, ay mula sa bago kong pagministeryo na nagpapasimula na. May isang kapatid, kapatid na Baptist na narito, 'yung anak niyang babae, disi na ang edad, haya't medyo napapalayo. At sinabi ko sa kanya, "Aking ibinibigay sa iyo ang iyong anak na babae para sa Panginoong Jesus," nung isang umaga. At pagkatapos nung makauwi na siya, ang kabataang babae nga'y naligtas. At 'yung isa pa'y narito ngayong umaga, magpapabautismo na't magpapatuloy.

38 At isa namang lalaki, si G. Sothmann, na isang kaibigan ko na taga-Canada, ang biyenan niyang babae ay mamamatay na noon, ang sabi, “Masusumpungan mo ang biyenan mong babae sa pagdako mo roon, buweno, na papunta na sa pag-igi ng kanyang kalagayan, siyanga.” Ganoon nga ang nangyari. At talagang . . . nagsisipunta ang mga tao. Nasa pasimulaing yugto pa lang ito ngayon, papasibol pa lang. Pero, oh, umaasa nga tayo sa higit, na lalong sagana sa lahat. Nasa masama’t huling mga araw na tayo, pero isa ngang maluwalhating oras.

39 Ngayon nahagilap n’yo na po ba riyon sa Biblia n’yo, para sa pagbasa, ang ika-8 kabanata ng Samuel? At kinausap ko si Gene na manatili muna sa likod, para irekord ang kabuoan pa nito. Tayo’y nagpapasimula pa lang, sa ating pagtitipon.

Nguni’t tinanggihang dinggin ng bayan ang tinig ni Samuel; at kanilang sinabi, Hindi; kundi magkakaroon kami ng hari sa amin;

Upang kami . . . ay maging gaya . . . ng bansa, lahat ng mga bansa; at upang hatulan kami ng aming hari, at lumabas sa unahan namin, at ipakipaglaban ang aming pakikibaka.

. . . narinig ni Samuel ang lahat ng mga salitang ito ng bayan, at . . . isinaysay ang mga ito sa pakinig ng PANGINOON.

At sinabi ng PANGINOON kay Samuel, Dinggin mo ang kanilang tinig, at lagyan mo sila ng hari. At sinabi ni Samuel sa mga tao sa Israel, Yumaon ang bawa’t isa sa inyo sa kanikaniyang bayan.

40 Ngayon kung susubukan kong pumili rito, sa umagang ito, ng masasabi kong teksto, para sa susunod na ilang minuto, nais ko pong piliin ang teksto na: *Ang Tinanggihang Hari*.

41 Panahon ’yun noon, gaya ng iba pang mga panahon, na ang mga tao ay tumatangging pangunahan sila ng Diyos. Ang gusto kasi nila’y sarili nilang paraan ng pamumuno. At ang kuwento na ito sa umagang ito . . . At sa pag-uwi n’yo po sa tahanan n’yo, mainam marahil na basahin n’yo ang kabuoan nito. Panahon ito noon ng mga—ng mga araw ni Samuel, ang tao ng Diyos, ang propeta. At siya nga’y sadyang taong matuwid, at mabuting tao, kagalang-galang, respetado, marangal at tapat sa bayan, hindi sila dinadaya, at walang ibang sinasaysay sa kanila kundi ang sadyang tahasan na GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

42 Pero napadpad ang mga tao sa kalagayan na gusto nilang baguhin ang programa. Nakikita nila ang mga Filisteo, at mga Amalekita, Amoreo, mga Heteo, at ang iba pang mga bansa ng mundo. At nakita nga nila na ang mga taong ito’y may mga hari na namumuno sa kanila, at nangingibabaw sa kanila, at gumagabay sa kanila, at nakikipagbaka sa mga pakikipagbaka nila, at kung anu-ano pa. At sadya ngang parang ganito ang nais

ng mga Israelita na igaya ang kanilang mga sarili na tulad sa mga hari na ito, at tulad sa mga bayan na 'yun.

⁴³ Pero hindi nga kailanman, sa anupamang kapanahunan, na nilayon ng Diyos para sa Kanyang bayan na sila'y umakto na gaya ng mga tao sa mundo, o mapangunahan o makuntrol gaya ng mga tao sa mundo. Ang bayan ng Diyos, kung papaanong ganito ito sa tuwi-tuwina, na isang—isang namumukod-tanging bayan, kakaibang tao, isang tinawag-palabas, isang ibinukod, at ganap na iba sa kanilang pagkilos, sa kanilang pamamaraan, sa paraan ng kanilang pamumuhay, kung ikukumpara sa kung anong mayroon ang mga tao sa mundo. Ang hilig nila sa mga bagay-bagay, at ang pagkatao nila mismo, ay laging taliwas sa mga bagay-bagay na hinahangad ng mga tao sa mundo.

⁴⁴ At mangyaring dumulog ang bayan ng Israel kay Samuel at ang sabi, “Ngayon, ikaw nga'y patanda na nang patanda, at ang mga anak mo nama'y di tumatahak sa iyong tahak.” Dahil ang mga anak na ito'y di marangal tulad ni Samuel. Sila'y mga tiwali at nangangamkam ng salapi. At ang sabi nila, “Samuel, ang mga anak mong lalaki'y di gaya mo, kaya gusto namin na humayo ka't hanapan mo kami ng hari, at pahiran mo siya, at gawin mo kaming bayan na kagaya ng iba pang mga bayan sa mundo.”

⁴⁵ At sinubukan ni Samuel na sabihin sa kanila na di 'yun uubra. Sabi niya, “Kung gagawin n'yo 'yan, malalaman n'yo na lang, masusumpungan n'yo na ipapatawag ng haring ito ang inyong mga anak na lalaki mula sa inyong tahanan, at gagawin silang mga sundalo, para magpatakbo ng mga karwahe niya, at magsisipagbitbit ng mga baluti't sibat. Hindi lang 'yan, haya't ipatatawag din niya ang mga anak n'yong babae, para maging mga panadera, at kukunin sila mula sa inyo, para pakainin ang hukbo. At,” sabi, “maliban pa riyang, sisingilin niya kayo ng ilang buwis, mula sa trigo n'yo, at mula sa lahat ng kinikita n'yo. Bubuwisan niya kayo sa lahat ng 'yan, para tustusan ang ilang utang ng gobyerno, at kung anu-ano pa, na kinakailangan na bayaran.” Ang sabi niya, “Sa palagay ko'y kayo, lahat kayo, ay nagkakamali.” Pero noong . . .

⁴⁶ Sabi ng bayan, “Pero gusto pa rin naming maging gaya ng iba pang bayan.” May kung anong bagay nga tungkol sa mga kalalakihan at mga kababaihan, na nagnanais sila na maging magkakatulad sa isa't isa. At may nag-iisang tao lamang na nabuhay kailanman sa mundo na siyang halimbawa natin, at ito'y ang Isa na 'yun na namatay para sa ating lahat, ang Panginoon at ating Tagapagligtas, na si Jesus Cristo. Siya mismo ang ganap na halimbawa natin na dapat nating tularan, na laging nasa gawain ng Ama, at ginagawa kung ano lamang ang tama.

⁴⁷ At kahit ano pang subok ni Samuel na hikayatin ang mga tao, patuloy pa rin silang dumudulog sa kanya, araw at gabi, “Gusto

namin ng hari. Gusto namin ng isang tao. Gusto namin ng isang tao na masasabi naming, 'Ito ang gagabay sa amin.'"

⁴⁸ At kahit kailan ay di 'yun naging kalooban ng Diyos kailan man. Hinding-hindi 'yun naging kalooban ng Diyos noon man, o maging sa hinaharap na haya't hindi talaga 'yun magiging kalooban ng Diyos, na ang isang tao'y mamuno sa ibabaw ng isa pa. Ang Diyos ang namumuno sa ibabaw ng tao. Ang Diyos ang ating Tagapamuno, ang ating Hari.

⁴⁹ At 'yan, na 'yan mismo ang malubhang panganib maging sa panahon man ngayon, dahil ang tao nga'y tila ba may ganoon ding parehong kaisipan. Para bang hindi nila maunawaan na ang Diyos ang nananatiling tagapamuno sa tao, sa halip na ang tao ang namumuno sa tao.

⁵⁰ Kaya pumili sila para sa kanilang sarili ng isang lalaki na nagngangalang Saul, na anak na lalaki ni Kish. At isa siyang respetadong tao, isang kagalang-galang na lalaki. Hayan nga't sadyang pasok siya sa kagustuhan ng mga tao, dahil siya nga'y malaki, mataas, kadaki-dakila't, makisig na lalaki. Sinasabi pa nga ng Kasulatan na hanggang balikang lang niya ang taas ng ulo ng sinupamang ibang lalaki sa Israel. May pagka-hari ang itsura niya, at may gandang-lalaki ang mukha niya. Isa siyang matalino't namumukod-tanging lalaki.

⁵¹ Ngayon, 'yung ganoong klase ng tao ang gustong piliin ng mga tao sa panahon ngayon. Ang mga tao'y para bang hindi nakukuntento sa paraan ng pagkagalagay ng Diyos sa Kanyang Iglesya, na pinangungunahan at kinukontrol ng Espiritu Santo. Ang gusto nila'y isang tao, isang lalaki, isang denominasyon, ilang mga tao na mamamahala sa Iglesya. Na, hindi na nila kailangang ilagak pa ang kanilang mga sarili nang buong-buo sa kamay ng Diyos, para maging espirituwal, para pangunahan dapat ng Espiritu Santo. Ang gusto nila'y isang tao na siyang mangangasiwa ng relihiyon nila para sa kanila, isang tao na magsasabi sa kanila kung papaano 'yun isasagawa, at lahat ng tungkol dun.

⁵² Kaya naman ang lalaking ito ay sadya raw saktong-sakto sa posisyon na 'yun, dahil isa siyang napaka intelektuwal na tao.

⁵³ At katulad na katulad nga sa panahon ngayon. Ang gusto nati'y piliin 'yung ganoong uri ng mga tao, rin, para kumontrolin ang ating mga iglesya, para kumontrolin ang Iglesya ng Diyos. Wala nga akong gustong sabihin na anumang laban dito, pero ako lamang ay may ipinupunto rito, na: hindi kailanman, hindi kahit noon, at hindi maging sa hinaharap na ito'y kalooban ng Diyos, na magiging ganoon ito. Ang Diyos ang siyang dapat na mamuno sa Kanyang bayan, mamamahala sa bawat indibiduwal.

⁵⁴ Pagkatapos ay masusumpungan natin itong anak na lalaki ni Kish, isang dakilang lalaki, at—at matikas ang tindig niya, at ang kanyang... Siya nga'y saktong-sakto sa gusto ng mga

tao, na ang magiging balabal niya'y magiging maharlika ang dating sa kanya. At 'yung korona sa kanyang ulo, ay hayan ngang mangingibabaw sa lahat ng tao roon, habang naglalalakad siya, na magiging isang—isang tunay na maipagmamalaki sa buong kaharian ng Israel. Dahil, ang gagawin nga ng iba pang mga hari, ng ibang mga bansa, iisipin nga nila, “Tingnan n’yo at talagang kagalang-galang ang lalaking ito!” Ganoon na lamang na ituturo ng bayan ang kanilang daliri at sasabihin, “Tingnan n’yo rito, isa ngang dakilang hari ang mayroon kami! Tingnan n’yo kung gaanong kadakila ang lalaking ito na namamahala sa amin!”

55 At nakakalungkot mang sabihin, pero totoong-totoo 'yan sa panahon ngayon sa iglesia, na gustung-gusto nilang sabihin, “Ang pastor namin ay isang lalaki na di makitid ang isip. Isa siyang dakilang lalaki. Nagtapos siya sa Hartford, o sa kung saang tanyag na eskuwelahan ng teolohiya. Apat ang titulo niya mula sa *ganito-at-ganoong* lugar. At napaka galing niyang makihalubilo sa mga tao.” Ang lahat ng 'yan ay siyanga nama't mainam naman, at may kinalalagyan. Pero ang pamamaraan ng Diyos sa Kanyang Iglesia ay ang mapangunahan ng Espiritu Santo, at ng Kanyang Espiritu.

56 Pero gustung-gusto nilang sabihin, “May malaki kaming denominasyon na kinabibilangan namin. Nung mga araw na nagpapasimula pa lang kami, ay kakaunti pa, kakaunti pa lang ang mga dumadalo, at napaka liit. At ngayon kami'y lumago na hanggang sa tumungtong na kami sa kalagayan na kasapi kami sa pinaka malaking denominasyon na mayroon. Nasa amin ang mahuhusay na mga eskuwelahan, at ang pinaka mahuhusay na mga edukadong ministro. Nasa amin ang pinaka magagandang manamit na mga tao. At ang mga pinaka intelektuwal na mga tao ng siyudad ay dito nga dumadalo sa denominasyon namin. At nagbibigay pa kami sa kawang-gawa. At gumagawa kami ng mabubuting gawa, at ang lahat ng ito.” At wala naman talaga, huwag nawang itulot ng Diyos, na makapagsalita ako ng laban dito, dahil maiinam namang talaga ang lahat ng ito.

57 Pero, ganoon pa man, hindi kalooban ng Diyos na ang isang tao ay mangibabaw sa isang tao. Ang Diyos ay nagpadala, nung Araw na 'yun ng Pentecostes, ng Espiritu Santo para mamuno sa puso ng mga tao, at mamuno sa buhay ng taong ito. Hindi kailanman nilayon na ang isang tao'y mamuno sa ibabaw ng isa pang tao.

58 Pero gustung-gusto nating sinasabi ang ganoon. Isa kasing bukod-tanging bagay kapag nagagawa nating sabihin na tayo'y kasapi sa isang malaking organisasyon na gaya nun.

59 “Isa po ba kayong Cristiano?” Sa ganoon nga ako napadako sa teksto kong ito, nung naroon ako sa ospital. At kapag may tatanungin ako, “Isa po ba kayong Cristiano?”

“Kabilang ako sa *ganito-at-ganoon*.”

“Isa po ba kayong Cristiano?”

“Kabilang ako sa *ganito-at-ganoon*.”

⁶⁰ At may munting nars na lumapit sa tabi ng higaan ko, kung saan nagbabasa ako ng Biblia, at isa siyang—isa siyang bagong nars sa palapag na 'yun. At ang sabi niya, “Kumusta po kayo.” Sabi niya, “Sa palagay ko kayo si Rev. Branham, na naparito para sa pisikal na pagsusuri.”

Sabi ko, “Ako nga.”

⁶¹ At ang sabi niya, “Maaari ko po bang punasan ang likod n'yo, para paigihin ang lagay n'yo gamit ang alcohol?”

At sabi ko, “Sige lang po.”

⁶² At habang pinupunasan niya ang likod ko, sabi niya, “Sa ano pong denominasyong simbahan kayo kabilang?”

⁶³ At ang sabi ko, “Oh, nabibilang ako sa pinaka lumang denominasyon na mayroon.”

At ang sabi niya, “Ano pong denominasyon 'yun?”

⁶⁴ Sabi ko, “Doon sa isang 'yun na inorganisa bago pa man maorganisa ang mundo.”

⁶⁵ At, “Oh,” sabi niya, “ano po? Sa palagay ko'y hindi ko alam kung ano 'yan.” Sabi niya, “Kabilang naman ako sa *ganitong* iglesya. Yun din po ba 'yung organisasyon na kabilang ako?”

⁶⁶ Sabi ko, “Hindi, binibini. Dalawang daang taon pa lang, ang organisasyong 'yan. Pero ang organisasyong ito ay dun pa nagpasimula noong sama-samang nag-aawitan ang mga tala sa umaga, at ang mga anak ng Diyos ay nagsisigawan sa galak, nung makita nila ang Pagparito ng Tagapagligtas para tubusin ang sangkatauhan.”

⁶⁷ At huminto siya pansumandali sa pagpupunas ng likod ko. At medyo nakayuko ako, nang paganito sa gawi *rito*, para mapunasan ako nung binibini. At siya'y taga-malapit lang dito sa Corydon, sa banda rito. Nakapag-usap kami. At ang sabi niya, “Ginoo, naniniwala po ako sa tuwina na kung ang Diyos ay Diyos noon, Siya'y mananatiling Diyos, mapasa hanggang ngayon, kung papaanong ganoon Siya sa sinaunang panahon.” Sabi niya, “Gayong tinatanggihan 'yan nang tahasan ng aking iglesya, pero heto ngang naniniwala akong 'yun mismo ang Katotohanan.”

⁶⁸ At sabi ko, “Hindi ka nga nalalayo sa Kaharian ng Diyos, kabataang babae.”

Sabi niya, “Kung Siya nga'y tagapagpagaling noon, hindi ba't mananatili dapat Siyang tagapagpagaling ngayon?”

Sabi ko, “Siya nga'y ganun nga dapat mismo, kapatid kong babae.”

69 Pero ang gusto ng tao'y mamuno, at mamuno sa ibabaw ng tao. At ang gusto rin ng tao'y may tao na mamumuno sa ibabaw niya. Hindi niya gusto na ang Diyos sana ang mamuno.

70 Kaya itong anak na lalaki ni Kish, na Saul, ang pangalan, ay 'yung tugon sa bagay na hinahangad nila, na isang matikas na kapita-pitagang lalaki. At ang . . . Oh, magagawa nga niyang pangunahan sila sa kanilang mga pakikibaka, at kung anu-ano pa. Pero, sa kabila nun, hindi 'yun ang pamamaraan ng Diyos ng paggawa sa mga bagay-bagay. Ang talagang nais ng Diyos ay ang Kanyang matapat na matandang propeta ang aakay sa kanila, at sasalitain ang Kanyang mga Salita sa kanila.

71 Ngayon, sa panahong ito, sa ating dakilang kapanahunan ng iglesya na kinabubuhayan natin, tayo, sa tingin ko, at ako nga'y naniniwala rito nang buong puso ko, na tayo'y napadpad na nang sadyang baligtad na mula sa itinalaga sa atin ng Diyos na gawin. Ang huling mga Salita ng ating Tagapagligtas ay naroon sa Marcos 16. Sabi:

Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal.

Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; . . . ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.

At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; sila'y mangagpapalabas ng mga demonio sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng bagong wika;

At kung sila ma'y magsisihawak ng mga ahas, o . . . magsiinom . . . ng mga bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makapipinsala sa kanila; at kung ipapatong nila . . . ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, . . . sila'y magsisigaling.

72 Walang kahit sinong tao, walang kahit anak ni Kish, o sino pa mang iba, ang makagagawa nun maliban sa pamumuno ng Espiritu Santo. Pero nagsipagtayo tayo ng mga eskuwelahan, nagsipagtayo ng mga seminaryo, at nagsipagbuo tayo ng mga organisasyon, para—para mapunan, at maging katulad ng iba pa sa mundo.

73 Ngayon, ang Espiritu Santo ang dating Pinuno ng bansang ito. Ang bansang ito ay dating pinamumunuan nung panahong una . . . nung isulat nila ang deklarasyon ng kasarinlan. At may isang sobrang upuan dun na walang laman. Wala ngang bahid na anumang duda sa aking pag-iisip na anupa't ang Anak ng Diyos ang nakaupo sa mesang 'yun, noong ang bansang ito ay itinatag sa mga saligan ng kalayaan ng relihiyon at kalayaan para sa lahat, at sa batayan ng Salita ng Diyos na Walang Hanggan.

74 Pero dinungisan natin 'yun. Ng pulitika; naghalal tayo ng mga kalalakihan doon, na idinaan sa pagbili at pagbebenta, at mga kabulaanang pangako. Hanggang sa . . . Ang ating bansa, at ang ating pulitika, at ang ating demokrasya, ay talagang nasalaula na nang husto hanggang sa ito'y—ito'y nahaluan na ng komunismo at lahat na ng uri ng mga ismo.

75 At maraming beses na tumatawag pa tayo ng oras para sa pananalangin, sa tuwing may pagpupulong ang mga kapisanan ng mga bansa, at doon . . . o kapag sila'y may tinatalakay. At dumating na lang sa isang, malubhang panahon, nito-nito lang, na ni isang beses ay di man lang tumawag para sa panalangin. Papaano natin isasaayos ang mga pagkakaiba-iba nang wala man lang panalangin? Papaano pa natin aasahan kailanman, na sa buong mundo, ay may magagawang kahit isang bagay nang wala man lang pangunguna ng Espiritu Santo?

76 Pero hayaan n'yong sabihin ko ito nang may pag-ibig at paggalang sa ating bansa at sa watawat nito, at sa republika na isinasagisag nito. Tinanggihan natin ang ating Pinuno, ang Espiritu Santo, at dahil sa tiwaling pulitika ay ibinunsod ang mga tao na magkaroon ng lisyang kaisipan. At kung hindi kayo magmamatyag, haya't bubunsod na sila'y makagagawa ng isa sa pinaka mapanganib na pagkakamali na kanilang magagawa, sa mismong panahon na ito, dahil sa paghahangad ng mga tao na mga tao rin ang mamumuno.

77 Ang kailangan natin sa kapitolyo ng Estados Unidos na ito, sa isang pangulo, ang kailangan sa Kongreso, ang kailangan sa bulwagan natin ng katarungan, ay mga tao na inilaan nila ang kanilang buhay sa Diyos, at puspos ng Espiritu Santo, at pinangungunahan sa pamamagitan ng Kanyang Makalangit na pagpapatnubay. Pero, sa halip na ganoon, ang pinipili natin ay mga taong intelektuwal, mga taong may "anyo ng kabanalan, at tinatanggihan naman ang Kapangyarihan ng Diyos," mga taong ateista, at kung minsan pa nga'y mas masahol pa dun, ang iniluluklok natin sa pampulitika nating sektor, ng ating bansa.

78 Hindi lang diyan, haya't maging sa ating kaiglesyahan. Ang mga kaiglesyahan nati'y nasalaula na sa batayan na tayo, ang pinipili nating mga pastol na mangunguna sa atin, dun tayo sa mga seminaryo humahagilap at ang pinipili nating kalalakihan ay 'yung mga bigatin pagdating sa intelektuwal, mga lalaking may matatalinong pag-iisip, mga lalaking matataas ang pinag-aralan, at mahuhusay sa pakikihalubilo sa piling ng mga tao, at mga kilalang kalalakihan sa pamayanan, na wala naman akong masasabi na laban sa ganoon. Mga kalalakihang mabuti ang paraan ng kanilang paglakad, maingat sa paraan ng kanilang pamumuhay, at kung papaano ang kanilang asal sa piling ng ibang tao, at sa piling ng mga tao, mga mahuhusay na tao sa kanilang larangan, na wala naman akong masamang masasabi patungkol dun. Huwag nawang itulot ng Diyos na humantong

ako na ganoong kasama ang espiritu ko. Pero, sa kabila nun, hindi 'yun ang pinili ng Diyos para sa atin.

⁷⁹ Kundi ang pangunguna ng Espiritu Santo: si Cristo sa puso ng mga tao. Marami sa mga intelektuwal na mga taong 'yan na tumatayo sa ating pulpito haya't kanilang ikinakaila na may tunay ngang pag-iral ng Espiritu Santo. Marami sa kanila ang ikinakaila ang pag-iral ng Makalangit na pagpapagaling at ang Kapangyarihan ng Espiritu.

⁸⁰ May binabasa akong artikulo, kahapon, sa palagay ko, na isang kompilasyon ng mga artikulo mula kay Jack Coe, ang namayapa nang si Jack Coe, ang. . . isa sa mga naakay ko sa Panginoong Jesus, na isang matapang na lalaki ng kagitingan, nung panahon niya. At tinawag siya para siyasatin, doon sa Florida, dahil sa paghiling sa isang batang paslit na alisin ang bakal na pangsuporta nito sa kanyang mga binti, at pinalakad sa buong haba ng entablado. At sa kahilingang 'yun, ang bata nga'y nakalakad sa buong haba ng entablado, nang normal, at tumumba nung makarating na ito sa kanyang nanay. Ang lahat ng 'yun pala'y masamang plano ng kalaban ni Cristo, ito pong batang-batang ginang at ang kanyang asawang lalaki'y dinala ang magiting nating kapatid na ito sa korte ng lugar na 'yun.

⁸¹ At sa halip na ang bawat kaiglesyahan sa oras na 'yun ay inaasahang tatayo sa tabi ni Kapatid na Jack, sa oras na 'yun na ang bawat kalalakihan ng mga kaiglesyahang bumabanggit sa Pangalan ni Jesus Cristo'y titindig sana roon sa tabi niya, nang buong giting, bawat lalaki na tumatawag sa Pangalan ng Panginoong Jesus na anupa't dapat sana'y mapapaluhod sa kanilang mga tuhod sa pananalangin. Pero, sa halip na ganoon, sa mismong banderang ulat ng mga pahayagan, haya't isa sa pinaka malaki nating denominasyon ang nagsabi na nakipag kapit-bisig daw sila sa mga ateista, para kondenahin, para maibilanggo si Kapatid na Jack Coe. Maiisip n'yo ba ang isang iglesya, na ikinakabit nila sa kanilang mga sarili ang Pangalan ni Cristo, ay makikipag kapit-bisig sa isang ateista, para kondenahin ang isang maka-Diyos na lalaking nagsisikap lang naman nang buong puso niya na manindigan para sa Biblia? Pero 'yun nga ang ginawa nila.

At pagkatapos ay sumaklolo si Kapatid na Gordon Lindsay.

⁸² At nung sabihin nung di-nananampalatayang huwes, "Ang lalaking ito'y isang manloloko dahil pinatanggal niya ang bakal na pangsuporta ng bata na 'yan at pinalakad sa buong haba ng entablado, at ang sabi'y 'gumaling' daw ang bata. At nagsinungaling siya, at gumawa siya ng isang bagay na kontra sa pinag-uutos ng doktor, kaya siya'y kumakaharap ngayon sa kaso ng panloloko."

⁸³ At tumayo si G. Coe, at ang sabi niya, "Ginoo, itinatangi ko ang pahayag na 'yan. Pinagaling ng Diyos ang bata."

84 At sabi ng huwes, “Tatanungin ko ang sinuman sa korte na ito kung ang pahayag na ‘yan ay maaaring katotohanan nga, na pagagalingin ng Diyos ang batang ‘yan mula sa isang dulo ng entablado, at pagkatapos ay hahayaang may kapansanan uli sa kabilang dulo. Kung ang pahayag na ‘yan ay mapapatunayan sa Biblia, kung ganoon ay sinasabi ko na si G. Coe ay may katuwiran nga sa kanyang ipinapahayag.”

85 At isang ministro ang nagtaas ng kamay, at ang sabi niya, “Kagalang-galang, ginoo, maaari ko bang isalaysay ‘yun?”

At sabi ng huwes, “Sige isalaysay mo.”

86 At tumayo ang ministro, at ang sabi, “Isang gabi, sa isang maalon na dagat, noong may isang munting bangka dun na malapit nang lumubog sa kailaliman, wala nang natitira pang pag-asa para maligtas. Natanaw nila si Jesus, ang Anak ng Diyos, na haya’t parating na naglalakad sa tubig. At isa sa mga alagad, na nanggangalang Pedro, ang sabi, ‘Kung Ikaw ‘yan, Panginoon, hayaan Mong makalapit ako sa Iyo sa ibabaw ng tubig.’” At ang sabi niya, “Sinabi ng Panginoon sa alagad na ‘yun na si Pedro, ‘Pumarito ka.’ At humakbang siya mula sa bangka, ginoo, naglakad nang sing inam ni Jesus, naglalakad sa ibabaw mismo ng tubig. Pero nung siya’y matakot, nagsimula siyang lumubog bago pa man siya makalapit kay Jesus.”

Ang sabi ng huwes, “Pinapawalang-saysay ko ang kaso na ito.”

Ang kailangan nga nati’y pangunguna ng Espiritu Santo, hindi intelektuwal na mga tao.

87 Si Saul, na anak ni Kish, siya nga’y ginawang kapitan para mangibabaw sa mga tao, at nagtipon siya ng dalawang libong kalalakihan, at si Jonathan ay isang libo naman. At si Jonathan ay lumusob sa isang kampo at ginapi ang isang pulutong ng mga Ammonita, mga Ammonita, pala. At nung—nung magapi na niya sila, pinatunog ni Saul ang trumpeta, at sabi, “Masdan n’yo ang ginawa ni Saul.” Siya nga’y naging mapagmataas.

88 Sa punto nga na ang isang tao ay maging mataas na Doktor ng Dibinidad, o makatamo ng kung anong pinaikling titulo pagkatapos ng kanyang pangalan, siya nga’y nagiging humigit, o kumulang, nagiging isang alam-ang-lahat.

89 Ang mga tao ng Diyos ay mga mapagpakumbabang tao. Ang mga tao ng Diyos ay mabababang-loob na mga tao. Kapag may nakikita kayong isa na sinasabi nila na natanggap daw nila ang Espiritu Santo, at siya namang ibinubukod-tangi ang kanilang mga sarili, na animo’y, ang Pananampalataya’y di nila kamit, na ganoon ang ginagawa, pilit na ibinubukod-tangi ang kanilang sarili na di naman, tandaan n’yo, hindi nila natanggap ang Panginoong Jesus.

90 Mangyari ngang masusumpungan natin ang kalaban na pumuposisyon na. At siya nga'y lulusob sa isang maliit na grupo ng mga tao ng Diyos, at akmang dudukutin ang kanang mata ng bawat tao.

91 Yan na 'yan sa tuwina ang sinisikap na gawin ng kalaban, ang dukutin ang dalawang mata, kung magagawa niya, nang sa gayon ang mga tao'y di nila makita ang ginagawa nila. Yan nga mismo ang sinisikap gawin ni Satanas sa panahon ngayon sa bawat Cristiano, dukutin ang espirituwal niyang paningin, nang sa gayon ang tanging magagawang sundan na lamang ng taong ito ay ang mga intelektuwal na pagkaunawa sa mga bagay-bagay, at hindi ang pagkaunawa ng Espiritu Santo na nangunguna sa kanya.

92 Kaya nung magawa na nila 'yun, nung matamo na nila ang dakilang pagkagapi na 'yun, hayan nga't si Saul ang siyang naghati-hati ng dalawang malaking baka at ipinadala 'yun sa lahat ng mga tao. At umaasa ako na mapapansin n'yo ito rito, na nung ipadala na ni Saul ang mga hati-hating bahagi na 'yun ng baka sa buong Israel, at nagsabi, "Ang sinumang tao na di susunod kay Samuel at kay Saul, ay siya'y mapaging, sa baka na ito, na maging tulad *nito*." Nakikita n'yo ba ang pandaraya na sinusubukan niyang ipakilala ang kanyang sarili na kasama raw niya ang tao ng Diyos? Sadya—sadya ngang di 'yun gawain ng isang Cristiano! Ang pagkatakot ng mga tao'y para dapat kay Samuel. Pero ang ginawa ni Saul ay ibinunsod niya ang lahat na sumunod sa kanya sa pamamagitan ng takot ng mga tao kay Samuel. "Sige't subukan lang nilang lumaban kay Samuel at Saul."

93 At makailang ulit na rin, sa panahon ngayon, na naririnig natin ito! "Kami ang dakilang Iglesia. Kami ang Iglesia ni Cristo. Kami ang Iglesia ng Diyos. Kami ang—ang *ganito-at-ganoon*." Ibinubunsod nun na ang mga tao'y mahintakutan, at isipin na siyanga't sa dakong 'yun mismo kumikilos ang Diyos. At di naman nila gusto ang pangunguna ng Espiritu Santo. Mas gusto nilang sumunod sa mga taong gaya n'yan, dahil gusto nilang ipamuhay sa sari-sarili nila ang kanilang buhay. Gusto nilang paniwalaan ang gusto nilang paniwalaan.

94 Nakikita n'yo ba? Ang Espiritu Santo ang ating Hukom. Di tayo kailanman binigyan ng Diyos ng papa, o ng obispo, o ng kahit sinupaman, para maging Hukom. Ang Espiritu Santo, ang Persona ng Diyos, sa anyo ng Espiritu Santo, ang ating Hukom at ating Patnubay. Ngayon, bakit ganoon?

95 Haya't ipagpaumanhin n'yo ang magaspang, ang napaka gaspang na pahayag na ito. Hindi ko naman gustong makasakit ako sa ganito. Sinasabi ko po ito nang may pag-ibig.

96 Pero sinasabi nga ng Espiritu Santo na mali para sa ating mga kababaihan na putulan nila ang kanilang buhok. At mali

para sa ating mga kababaihan na magsuot ng maiiksing mga shorts at pantalon, at magpahid ng kolorete sa kanilang mga labi at kolorete sa mukha. Sinasabi ng Espiritu Santo na mali 'yun.

⁹⁷ Pero ang gusto nati'y mga kalalakihan na magsasabi sa atin na ayos lang 'yung ganoon, "Basta't susundan lang natin si ako at si Samuel." Gusto nilang mamuhay sa loob ng anim na araw, sa kung anong paraan na naisin nila, at dadalo sa bahay-sambahan ng Linggo ng umaga. At doon nga'y may isang napaka inam na intelektuwal na nakapagtapos ng kolehiyo na napakarami ng titulo na maghahatid sa kanila ng kaunting pangangaral na mangyari ngang. . . may ilang pagpapatawa roon, na kikiliti sa mga tainga nila't maglilibang sa kanila, na parang kung anong pelikula o programa sa telebisyon. At uusalan sila ng kaunting pananalangin, at pauuwiin na sila na may—may pansariling-pagpupunan na seguridad na nakaganap na raw sila sa kanilang relihiyon. Hindi 'yun ang kalooban ng Espiritu Santo.

⁹⁸ Gusto ng Espiritu Santo na mamuhay kayo na maka-Diyos, sa bawat araw ng sanglinggo, at bawat gabi, inihihawalay ang inyong mga sarili sa mga bagay ng sanlibutan.

⁹⁹ Pero hindi 'yan ang ibig ng kaiglesyahan. Ang gusto nila'y kung sinong lalaki na may kakayahan—may kakayahan na ipaliwanag ang Biblia sa paraan na gusto nilang marinig Ito. Ayaw nilang makinig sa tinig ng Espiritu Santo na nagsasalita mismo sa pamamagitan ng Biblia. Marami sa kanila ang gustong sabihin, "Ang mga araw ng himala ay lipas na." Yun kasi ang kumikiliti sa mga tao. Gusto nilang sabihin, "Walang bautismo ng Espiritu Santo." Hindi nga gusto ng mga taong kumilos ng iba sa ikinikilos ng iba pa sa sanlibutan. Hindi nga nila gusto na sa pagpunta nila sa lansangan ay haya't ang mga mukha nila ay nahugasan, at—at ang mga kalalakihan ay may maaliwalas na mukha, at walang sigarilyong subo sa bibig, at—at mga tabako, at mga pipa, at—at mga bagay na ginagawa ng mga kalalakihan. At ang mga kababaiha'y gusto naman nilang putulan ang kanilang buhok na talagang kay iiksi, at—at magsuot ng maiikling damit, at haya't kitang-kita ang kanilang hubog, at mga bagay na gusto nila. Gusto nila—gusto nila ng mga kalalaking magsasabi sa kanila, "Ayos lang 'yan."

¹⁰⁰ Hayan din, nung isang gabi, may lumapit sa aking lalaki para sabihin sa akin, na dahil sa nangaral ako ng laban sa mga ganoon, na haya't may isang malaking denominasyon, mga lima sa kanila, ang sabi, "Iwan na namin si Kapatid na Branham at ayaw na naming magkaroon ng anumang kaugnayan sa kanya. Alinman na babawiin mo ang mga teyp na 'yun, at hihingi ka ng paumanhin sa kanila, o iiwan ka namin."

¹⁰¹ Ang sabi ko, "Maninindigan ako sa Salita ng Diyos. Kung kinakailangan na ibigay ko ang lahat ng buhay ko rito, ako nga'y mananatili sa Salita. At aking. . ."

Sabi, “Buweno, di mo ba babawiin ’yung *ganito-at-ganoon* na teyp?”

¹⁰² Sabi ko, “Ni kailanman ay di ako nangaral ng anumang bagay, sa buong buhay ko, na ikinahihiya ko. Hinding-hindi ko babawiin ang anumang teyp o rekording. Mananatili ako sa kung anong sinasabi ng Espiritu Santo. Doon ako mabubuhay at mamamatay man.” Haya’t hindi ko po ibinibida ang sarili ko ngayon. Mangyaring sinisikap ko lamang na magpakita sa inyo ng pagsasalarawan kung ano nang nagaganap, nang sa gayon makita n’yo at maunawaan. Hayan nga ang mga tao na ibig nilang pangunahan sila ng tao.

¹⁰³ Ayaw nga nila kay Samuel. Hayan nga’t bago nila pahiran si Samuel na hari. . . o si Saul, na hari, paumanhin po, pumunta nga uli si Samuel sa kanila. At sasabihin ko nga ito sa paraan ng pananalita natin gaya ng kung papaanong sasabihin niya ito sa panahon ngayon. Maaari n’yo itong basahin. Ang sabi niya, “Ano bang problema na ang Diyos na mismo ang inyong Hari?”

“Buweno, di namin nakikita ang Diyos.”

¹⁰⁴ “Buweno, heto ako na kinatawan Niya.” Sabi ni Samuel. “May bagay ba akong nasabi sa inyo na mali? May bagay ba akong iprinopesiya na di nangyari sa kung papaano ko sinabi na mangyayari ito? Hindi ba’t ang Salita naman ng Panginoon ang isinasaysay ko sa inyo? At itatanong ko rin ito sa inyo. Ni minsan ba’y lumapit ako sa inyo para manghingi ng pera n’yo? Ako ba’y may kinuhang kahit ano mula sa inyo? May bagay ba akong inilalahad sa inyo na hindi ba’t ang tahasan lamang na GANITO ANG SABI NG PANGINOON? At pinatotohanan naman ’yun ng Diyos, sa bawat pagkakataon, na ’yun mismo ang Katotohanan.” At hayan nga ang Diyos na nagpakidlat pa’t nagpaulan (Alam n’yo ang Kasulatan, kayo, na nakaupo riyan.) para patunayan na si Samuel ang bibig ng Diyos.

¹⁰⁵ At ganap na kinakatawan ni Samuel, sa panahon ngayon, ang Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ang bibig ng Diyos na sadyang sinasalita nang eksakto kung ano ang sinasabi ng Biblia, na sinasampalatayanan mismo ang sinasabi ng Biblia, at hindi iiba mula Roon, ni katiting.

¹⁰⁶ Pero ang gusto nga nila’y isang tao na magsasabi sa kanila ng iba. At di rin naman masabi ng mga tao na ang propesiya ni Samuel ay di ganap. Ang isinagot nila’t sinabi, “Samuel, lahat naman ng ipinangusap mo sa Pangalan ng Panginoon, ay haya’t ipinangyari nga mismo ng Panginoon ang sinabi mo. Wala ni isang pagkakamali. Di ka rin lumapit sa amin para manghingi ng pera mula sa amin. Tinataguyod mo ang sarili mo. Hindi ka rin humiling sa amin na gumawa ng kung anong malakihang, mamahaling bagay para sa iyo. Nagtiwala ka sa iyong Diyos, at pinararaos ka Niya sa lahat ng mga bagay. At ang mga salita mo’y totoo mismo. Lahat naman ng sinabi mo sa Pangalan ng

Panginoon ay sadyang nangyari gaya ng pagkakasabi mo. Pero sa kabila nun ay gusto pa rin namin ng isang hari.”

¹⁰⁷ Nakikita n’yo ba ang pagkalahis? Nakikita n’yo—nakikita n’yo ba ang—ang pagkatuso ng diyablo, na kumikilos sa tao? Sa halip na ang tao’y ipasakop niya ang kanyang sarili o sarili niya sa Espiritu Santo, at makinig sa kung ano mismo ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, para sa isang dalisay na buhay, isang katauhan na walang bahid, para sa isa sanang naiibang buhay, isang namumukod-tanging bayan, isang banal na bansa, isang bayan na kaiba ang kilos; sa halip ay ang gusto nila’y makiayon sa sanlibutan, at umakto na gaya ng mundo, at magpunta sa kung anong iglesya na sinasabi, “Ayos lang ’yan, kumilos lang kayo gaya n’yan at magpatuloy lang.”

¹⁰⁸ Nakikita n’yo ba kung ano ito? Sinasabi nila, “Walang ganyang bagay na gaya ng pagpapagaling. Oh, ’yang bautismo ng Espiritu Santo ay paunang balangkas lamang sa iglesya noon.” Sa madaling sabi, ang Diyos pala’y kumuha raw ng mga tao, kinuha ang Espiritu Santo palayo sa Iglesya, at hinayaan ang denominasyon na sila na ang bahalang magtaguyod Nito. Hindi kailanman, hindi kailanman. Di magkaka ganoon. Ang Espiritu Santo, ang Salita ng Katotohanan, ay nariyan para gabayan kayo hanggang sa pagdating ni Jesus. Pero sa ganoon nga ito—ito humantong.

¹⁰⁹ Si Saul ay naluklok sa kapangyarihan. Marami ang kanyang. . .Marami siyang naging mga tagasunod. Oh, ang gaganda ng kanyang mga baluti. May mga mang-aawit siya. May mga kalasag siya, at may mga sibat. Oh, hinigitan niya sa kaningningan ang lahat ng iba pang bansa. At dinala niya ang mga tao sa isang demokrasya na humigit sa anupamang bagay na narinig ng sinuman kailanman.

¹¹⁰ At ’yan mismo ang ginawa ng ating mga denominasyon at mga kaiglesyahan sa panahon ngayon. Nasa atin ang pinaka malalaking mga gusaling simbahan sa buong mundo. Nasa atin ang pinaka magagandang manamit na tao sa buong mundo. Nasa atin ang pinaka matataas na mapag-aaralan na maaaring kamtin.

¹¹¹ Gaya nung mga nagsipagsanay na mga kalalakihan ni Saul na talagang mahuhusay magdala ng sibat, na magagawa nilang iwasiwas ’yun at imaniobra na haya’t kinakatakutan sila ng mga bansa. Sila’y mga sinanay na mga tao, at lahat. Pero, isang araw, dumating ang panahon na may tagahamon na dumating. At ganoon na lamang ang pagkagitla ng buong hukbo ng Israel na sa pagkakatayo nila dun, sila’y nangatog sa kanilang mga panyapak. Hinamon sila ni Goliath, “Kung ang Diyos n’yo ay ’yang sinasabi n’yong Siya! Kayo nga’y sinanay pa mismo nang lubos.” At hinamon niya sila. Di nila alam ang gagawin. Yung maiinam, na nagkikintabang mga baluti nila’y di uubra. Ang

mga sibat nila'y walang magagawa. Heto nga ang isang bagay na di pa nila naririnig, kailanman, na nagaganap.

¹¹² At nang may buong pagpipitagan at banal na respeto, at paggalang at dignidad, at pag-ibig at Cristianong pakikipag buklod, sinasabi ko ito. Nabasa ko, nung isang araw, sa isang pahayagan ng Aprika, kung saan itong anak natin ni Kish, na tagahamon natin sa pagi-ebanghelyo, noon ngang hamunin siya ng isang Mohammedan, si Billy Graham. Ang sabi, "Kung ang Diyos n'yo ay Diyos, itagubilin n'yo sa Kanya na pagalingin ang mga maysakit gaya ng sinabi Niya na Kanyang gagawin." At ang anak ni Kish, kasama ng iba pa sa hukbo, ay nanahimik na lang at umalis ng bansa, na talunan. Kahiya-hiya. Gayong ang Diyos natin ay Diyos.

¹¹³ Naggagagandahan ang ating mga kaiglesyahan. Napaka inam ng ating pagi-ebanghelyo. Heto ang ating mga mang-aawit na binabayaran. Heto sa atin ang naggagalingang mga koro; ang pinaka matataas na taluktok ng simbahan sa buong bansa. Heto ang ating mahuhusay na kalalakihan, ang pinaka maraming pera. Heto ang intelektuwal sa atin. Heto nga ang teolohiya natin na nakatugaygay hanggang sa pinaka tuldok; alam na alam natin ipangaral; alam na alam natin bigkasin. Magagawa nga nating mag-ebanghelyo at dalhin papasok ang mga tao, at umakay ng milyun-milyon kada taon, na mga akay, sa simbahan. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Hayan nga ang mga mang-aawit natin na binabayaran, ang intelektuwal natin na pagi-ebanghelyo, haya't walang kaalaman para tumugon sa hamon na gaya nun. Wala nga silang kaalaman tungkol dun. Wala nga silang kaalaman tungkol sa Kanyang kapangyarihan na nagpapagaling, sa bautismo ng Espiritu Santo, sa mismong Kapangyarihan na kakalag sa anino ng isang tao na malapit nang mamatay dahil sa kanser, at palayain siya. Wala silang kaalaman sa bagay na 'yun. Hindi kasi sila sinanay sa larangan na 'yun, katulad ni Saul at ng gawang-taong kalipunan niya.

¹¹⁴ Pero itulot n'yo na sabihin ko sa bayan ng Diyos, at sa inyo na mga anak, nang sa gayon malaman n'yo na di kayo iiwan ng Diyos nang walang patotoo.

¹¹⁵ Di nga 'yun nalalaman, ni Saul, walang kaalaman si Saul sa bagay na 'yun. Pero ang Diyos nga'y may munting David na naroon sa likod ng burol sa kung saan, na ang mga tupa'y di pinakakain ng eklesyastikal na damo. Pinangungunahan niya ang mga tupa sa tabi ng mga tubig na pahingahan at sa mga luntiang pastulan. Inaalagaan niyang mabuti ang mga tupa ng kanyang ama. At kung may bagay na sasalakay dun, na isang kaaway, para sakmalin ang isa sa mga tupa ng kanyang ama, nakikilala niya ang Kapangyarihan ng Diyos na magliligtas sa tupa na 'yun.

116 Ang Diyos nga'y may David pa rin, sa kung saang dako, na may kaalaman sa kung sa papaanong paraan maililigtas ang isa sa mga tupa ng Diyos, sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos. Kanya ngang napagkikilala pa rin ang lahat ng tungkol sa bagay na 'yun.

117 Siya kasi'y nananatiling nagtitiwala. Wala nga siyang alam tungkol sa baluti ni Saul, ni di nga niya ninais na magkaroon nun. Hindi niya ninais ang anumang denominasyon nila. Hindi niya ninais na masuotan siya ng mahinang baluti na 'yun. Ang sabi niya, "Wala akong alam sa bagay na ito. Haya't hayaan n'yo akong humayo sa Kapangyarihan na nalalaman ko." Siya nga'y tagapag-alaga ng mga tupa ng kanyang ama. Iningatan niya ang mga pastulan. Binigyan niya sila ng tamang uri ng pagkain, at sila'y nabuhay at lumusog.

118 "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao. Kundi sa bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos, mabubuhay ang tao." Pinapakain sila ng tunay na Pastol. "Si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." At kung sasakmalin ng kaaway ang isa, sa karamdaman, nababatid nga niya ang Kapangyarihan ng Diyos.

119 Tingnan n'yo ang munting si David, na tumayo roon. Sabi, "Ang lalaking 'yun ay mandirigma na, mula pa sa pagkasilang. At mula sa kanyang pagkabata, wala nga siyang alam kundi sibat at baluti. Sinanay siya nang husto. Isa siyang teologo. At wala kang kaalam-alam tungkol dun."

120 Sabi niya, "Totoo 'yan, ginoo. Wala akong alam tungkol sa pagsasanay niya sa teolohiya. Pero may isang bagay na alam ko nga, na, kapag may kaaway na parating, para sakmalin ang isa sa mga tupa ng aking ama, ako'y nakikibaka dun taglay ang Kapangyarihan ng Diyos. Naililigtas ko siya. Naipanunumbalik ko siya nang ligtas tungo sa mabuting kalusugan uli. Siya nga'y dinadala ko pabalik sa malilim na mga luntiang pastulan at mga tubig na pahingahan. At ang Diyos na ibinigay ang leon na 'yun sa aking mga kamay, at pinatay ko ang leon na 'yun nung tangayin nito ang isa sa mga—sa mga kordero, at Kanya ngang idinulot na mapatay ko ang oso, kaya naman ganoon din na ang Diyos ng Langit ay sasama sa akin para patayin ang Filisteo na ito na di tuli."

Ang kailangan nati'y pangunguna ng Espiritu Santo. Di ko batid ang natitira ko pang mga araw; walang nakakaalam.

121 Nung isang umaga nakahiga ako sa aking higaan. At ako nga'y . . . natutulog ako, at napanaginipan ko na may sakit daw si Joseph, at binuhat ko siya at ipinanalangin siya. At nung pagkagising ko, naligalig ako nang husto. Sabi ko, "Buweno, marahil magkakasakit si Joseph."

122 At tumingin ako, sa mismong harapan ko, sa munting, maitim na anino, na medyo may pagka-kape ang kulay. At para

ngang ako 'yun. At pinagmasdan ko 'yun. At sa likod nun ay may kung Sino na maputi, at 'yun ang Panginoon. Bumaling ako sa maybahay ko, para tingnan kung gising kaya siya, para maipakita sana sa kanya, na makita niya 'yung pangitain. Pero natutulog siya noon.

¹²³ Sabi ko, “Oh, patawad po, Panginoon. Hayan nga't, 'yun na dati ang buhay ko. Kinakailangan Mo pang pihitin ako sa lahat ng ginagawa ko. Sa tuwing may bagay na mangyayari, iniisip ko na Ikaw ito na gumagawa nito. At napagtanto ko na si Satanas pala 'yun na sinisikap na ilihis ako mula roon.” Sabi ko, “Kung mapapangunahan Mo lamang ako.” At habang ako nga'y nakatingin, nakita ko ang pinaka magandang mukha na nakita ko kailanman sa isang tao. Siya nga'y nasa harapan ko, nakatingin doon. Itinaas Niya ang Kanyang kamay at 'yung mga kamay ko'y hinawakan, at nagsimulang kumilos papunta sa gawi *rito*. Iniwan na ako nung pangitain. Nung nakaraang Linggo ng umaga, ako nga'y, gumising nang maaga. Sabado po 'yun, 'yung pangitain na ito. Noong . . .

¹²⁴ Lagi akong nag-aalala, lagi kong naiisip ang kamatayan. Heto nga't, ako'y singkuwenta na, heto nga't, ang panahon ko ay di na . . . iniisip kong di na magtatagal. At iniisip ko kung ano kaya ako sa theophany na 'yun, sa makalangit na katawang 'yun. “Ano kaya't makikita ko halimbawa ang mga minamahal kong mga kaibigan at, ano kaya't, munting puting ulap kaya sila na magdaraan, at sasabihin, ‘Haya't dumaan si Kapatid na Neville,’ o, di siya makapagsasalita ng, ‘Kumusta, Kapatid na Branham?’ At sa pagparito ni Jesus, hayan nga't magiging tao uli ako.” Lagi ko ngang iniisip 'yan.

¹²⁵ Napapanaginipan ko nga na naroon daw ako sa Kanluran. At papunta raw ako sa isang munting dako na may mga tanim na salbiya, at kasa-kasama ko raw ang maybahay ko, at galing daw kami sa pangangisda ng trout. At huminto raw ako at—at binuksan ko raw ang pintuan. At ang kalangitan ay napaka ganda raw. Hindi nga raw 'yun katulad sa mga narito sa libis dito. Asul ang mga 'yun, at ang mga ulap ay magaganda't puti. At sabi ko raw sa maybahay ko, sabi ko, “Matagal na dapat tayong naparito, matagal nang panahon dapat, honey.” Sabi niya, “Pero alang-alang sa mga bata, ganoon nga dapat sana, Billy.” Sabi ko, “Sadyang . . .” At nagising ako.

¹²⁶ Naisip ko nga, “Masyado akong nananaginip! Ano kayang dahilan at bakit?” At tumango ako, at ang maybahay ko'y nakahiga sa tabi ko.

¹²⁷ At itinaas ko nga ang posisyon ng ulo ko sa unan ko, gaya ng ginagawa ng marami sa inyo, ipinuwesto ko ang ulo ko sa may—sa may ulunan ng kama, at inilagay ko ang mga kamay ko sa ilalim ng ulo ko. At nakahiga nga ako roon nang naka *paganito*. At sabi ko, “Buweno, iniisip ko kung ano kaya roon,

pagtawid na sa kabilang ibayo. Singkuwenta na ako, at wala pa akong nagagawa na anuman. Kung may magagawa lamang ako para sa ikatataguyod ng Panginoon, dahil alam ko na di na ako magtatagal bilang isang mortal. Lipas na ang kalahati ng buhay ko, kung tutuusin, o lampas kalahati na nga. Kung mabubuhay man ako nang kasing haba gaya ng mga kaanak ko, haya't kalahati pa rin ng buhay ko ang lipas na." At tumingin ako sa paligid. At nakahiga ako roon, naghahanda nang bumangon. Mag-aalas siyete na noon. Sabi ko, "Siguro'y pupunta na ako sa simbahan, ngayong umaga. Mangyaring kung malat man ako, gusto ko pa ring mapakinggan si Kapatid na Neville na mangaral."

¹²⁸ Kaya sabi ko, "Gising ka na ba, honey?" At siya'y himbing na himbing sa pagkakatulog.

¹²⁹ At ayaw ko po sanang mapalampas n'yo ito. Haya't binago ako nun. Hindi na nga ako ang siya ring Kapatid na Branham gaya ng dati.

¹³⁰ At tumingin ako. At may narinig akong Bagay, na paulit-ulit na sinasabi, "Nagpapasimula ka pa lang. Magtumulin ka sa pakikipagbaka. Magpatuloy ka lamang."

¹³¹ Iniling ko ang ulo ko pansumandali. Naisip ko, "Buweno, siguro'y nasa isip ko lang 'yun marahil." Alam n'yo, ang mga tao nga'y nagkakaroon ng kaunting mga guni-guni. At sabi ko, "Siguro'y guni-guni ko lang 'yun."

Sabi Nun, "Magtumulin ka sa pakikipagbaka. Magpatuloy ka. Magpatuloy ka."

¹³² Sabi ko, "Baka sa'kin din nanggagaling ang salitang 'yun." At itinikom ko ang mga labi ko sa ngipin ko, at ipinatong ko ang kamay ko sa bibig ko.

¹³³ At hayun pa rin Yun, sabi, "Magtumulin ka lamang. Kung alam mo lamang kung anong nasa dulo ng landas!"

¹³⁴ At para ngang nauulinigan ko si Graham Snelling, o kung sino, na umawit nung awiting 'yun. Inaawit-awit nila 'yun dito, nina Anna Mae at lahat kayo ritong lahat.

Ako'y nalulumbay at uwing-uwi, at ang makita si Jesus ang aking lunggati.

Nais kong maulinigan ang matimyas na kalansingan ng mga kampanya sa dakong pinagdadaungan.

Paliliwanagin nito ang aking tahakin at lahat ng pangamba'y sadyang paglalahuin.

Panginoon, Iyong itulot na matunghayan ko ang kabilang ibayo ng tabing ng panahon.

Napapakinggan n'yo nga 'yan na inaawit sa simbahang ito.

¹³⁵ At bigla na lang akong May narinig na nagsabi, "Gusto mo bang tumunghay sa kabilang ibayo ng tabing?"

Sabi ko, “Lubos nga ’yung makakatulong sa akin.”

¹³⁶ At tumunghay ako. Sa isang iglap, ako. . . Isang hinga ay napunta ako sa isang munting Dako na nakahilig. At lumingon ako, at hayun nga ako, na nakahiga roon sa higaan. At sabi ko, “Kakaiba nga ito.”

¹³⁷ Ngayon, ayaw ko pong ikuwento n’yo ito sa iba. Para sa iglesya ko ito, o mga tupa na pinapastoran ko. Anupaman ’yun, na nasa katawan ko bang ito ako o nasa labas, o isa kaya ’yung paglipat ng kinalalagyan, hindi nga ’yun katulad ng iba pang pangitain na nagkaroon ako. Nakatutunghay kasi ako sa dakong Roon, at nagagawa ko ring tumunghay sa dakong rito.

¹³⁸ At nung marating ko na ang munting Dako na ’yun, hindi pa nga ako nakakakita kailanman nang ganoong karaming tao na haya’t tumatakbo papalapit, nagbubunyi, “Oh, kalugud-lugod naming kapatid!”

¹³⁹ At tumingin ako. At naroon nga ang mga kadalagahan, marahil nasa kabataang edad lamang na beinte, disi otso o beinte, iniaabot nila ang kanilang mga bisig para yakapin ako, at nagbubunyi, “Kalugud-lugod naming kapatid!”

¹⁴⁰ Heto nga ring paparating ang mga kabinataan, na nasa kaningningan ng kanilang pagkabinata. At ang mga mata nila ay sadyang kumikinang at para ngang mga bituwin sa madilim na gabi. Ang mga ngipin nila’y singputi ng perlas. At sila nga’y nagbubunyi, at niyayakap ako, at nagbubunyi, “Oh, kalugud-lugod naming kapatid!”

¹⁴¹ At huminto ako, at tumingin ako. At nasa kabataan ako. Nilingon ko ang matanda kong katawan na nakahiga roon, na ang mga kamay ay nakalagay sa ilalim ng aking ulo. At sabi ko, “Hindi ko ito naiintindihan.”

¹⁴² At heto ngang iniaabot ng mga kadalagahan ang kanilang mga bisig para yakapin ako. Ngayon, nalalaman ko na ang mga taong nakikinig ngayon dito ay halo-halo, at kaya sinasabi ko ito nang may katamisan at pagkabanayad sa Espiritu. Ang mga kalalakihan nga’y di nila magagawang yumakap sa kababaihan ng walang pantaong sensasyon; pero wala ngang ganon sa dakong Iyon. Wala roong kahapon o kinabukasan man. Di sila napapagod dun. Sila’y. . . Wala pa nga akong nakikita kailan man na mga magagandang babae tulad dun sa buong buhay ko. Ang mga buhong nila’y lampas sa kanilang baywang; ang mga palda nila’y mahahaba’t abot sa kanilang mga paa. At sila nga’y yumayakap sa akin. At di nga ’yun katulad maging ng pagyakap sa akin ng sarili ko mismong kapatid na babae, na nakaupo ryan, na yayakap sa akin. Di po nila ako hinahagkan, at di ko sila hinahagkan. Isang bagay nga ’yun na ako’y—ako’y wala ngang—wala ngang bokabularyo para isalarawan ’yun, wala akong salita para ilahad ’yun. “Kasakdalan” ay di sapat para ipaliwanag ’yun. “Karilagan” ay di rin sapat para ilahad ’yun,

wala nga. Isang bagay nga 'yun na di ko talaga . . . Haya't kayo mismo ang kinakailangang mapunta sa Dakong 'yun.

143 At tumingin ako sa gawi *rito*, at sa gawi *roon*. At sila nga'y papalapit, na libo-libo ang bilang. At sabi ko, "Di ko talaga ito naiintindihan." Sabi ko, "Buweno, sila . . ."

144 At heto nang dumarating si Hope. Ang una ko pong naging asawa. Tumakbo siyang papalapit, at di niya sinabing, "Asawa ko." Ang sabi niya, "Kalugud-lugod kong kapatid," at kanya nga akong niyakap. May isa pa roong babae na nakatayo roon, na yumakap din sa akin, at pagkatapos niyakap ni Hope ang babae na ito; at ang bawat isa pa. At naisip ko, "Oh, isang bagay nga ito na kakaiba. Hindi maaaring . . . May kung anong bagay . . ." Naisip ko, "Oh, gugustuhin ko pa bang bumalik uli sa matandang katawan na 'yun sa higaan?"

145 Haya't tumingin nga ako sa paligid. Sa loob-loob ko, "Ano kaya ito?" At ang itsura ko nga'y, kaaya-aya. At sabi ko—sabi ko, "Di ko—di ko talaga naiintindihan ito." Pero si Hope nga'y parang, oh, isang panauhing pandangal. Hindi siya kaiba sa iba, pero mukha nga siyang panauhing pandangal.

146 At may narinig akong Tinig nung mga sandaling 'yun na nagsalita sa akin, na naroon sa silid, sabi, "Ito mismo ang ipinapangaral mong Espiritu Santo. Ito mismo ang sakdal na Pag-ibig. At walang makapapasok Dito na di Ito tinataglay."

147 Ako nga'y mas higit na sigurado ngayon, higit kailanman sa buhay ko, na kinakailangan ng sakdal na Pag-ibig, para maka pasok Doon. Wala roong pagka-inggit. Wala roong pagkapagal. Wala roong kamatayan. Ang karamdaman ay di nga maaari, na makapasok sa Dakong 'yun. Mortalidad; hindi—hindi ka roon tatanda. At maging . . . Hindi ka roon iiyak. Sadyang paglalakip ng isang kagalakan.

148 "Oh, kalugud-lugod na kapatid!" At dinala ako, at pinaupo nila ako sa isang karangal-rangal na mataas na dako.

149 Sa isip-isip ko, "Hindi naman ako nananaginip. Ako nga'y nakatunghay dun sa aking—aking katawan na nakahiga rito sa higaan."

150 At pinaupo nga nila ako sa dakong 'yun. At sabi ko, "Oh, hindi ako karapat-dapat na maupo rito."

151 At heto ngang paparating dun ang mga kababaihan at mga kalalakihan, mula sa magkabilang panig, na sadya ngang nasa kasibulan ng kanilang kabataan, nagbubunyi. At may isang babae na nakatayo roon, at nagbunyi siya, "Oh, kalugud-lugod kong kapatid! Oh, tuwang-tuwa nga kami na makita ka Rito."

Sabi ko, "Hindi ko ito naiintindihan."

152 At pagkatapos 'yung Tinig na 'yun na nagsasalita, sa itaas ko, ang sabi, "Alam mo, na nasusulat sa Biblia na tinitipon ang mga propeta na kasama ng kanilang bayan."

At sabi ko, “Siyanga. Naaalala ko ’yun sa Kasulatan.”

Sabi, “Buweno, ito na mismo ’yung punto na ’yun na ikaw ay tinitipon kasama ng iyong bayan.”

Sabi ko, “Kung ganun ay totoo pala sila, at nararamdaman ko sila mismo.”

“Oh, siyanga.”

¹⁵³ Sabi ko, “Pero, milyun-milyon ang kanilang bilang. Hindi naman ganoong karami ang mga Branham.”

¹⁵⁴ At sabi ng Tinig, “Hindi sila mga Branham. Sila ang mga naakay mo. Sila ’yung mga naakay mo sa Panginoon.” At sabi, “Ang ilan sa mga kababaihan diyan, na iniisip mo na mga magaganda, sila nga’y mas matanda pa sa siyamnapung taong gulang nung maakay mo sila sa Panginoon. Di na nga katakataka na sila’y nagbubunyi, ‘Kalugud-lugod naming kapatid!’”

¹⁵⁵ At sila’y nagsipagbunyi, nang sabay-sabay lahat, ang sabi, “Kung hindi ka humayo, wala sana kami Rito.”

Tumingin ako sa paligid. Naisip ko, “Buweno, di ko pa rin talaga naiintindihan.”

Sabi ko, “Oh, nasaan si Jesus? Gustung-gusto ko talaga Siyang makita, nang may lubos na pananabik.”

¹⁵⁶ Sabi nila, “Hayan nga’t, Siya ay nasa dakong mas mataas pa, sa banda *roon* pataas.” Sabi, “Balang araw Siya’y darating para katagpuin ka. Kita mo?” Sabi, “Ikaw nga’y isinugo, bilang isang tagapanguna. At darating ang Diyos. At sa pagdating Niya, hahatulan ka Niya nang ayon sa kung anong itinuro mo sa kanila, unang-una, kung sila ba’y makakapasok o hindi. Kami nga’y makakapasok sang-ayon sa iyong itinuro.”

¹⁵⁷ Sabi ko, “Oh, nagagalak ako. Si Pablo ba, siya rin ba’y kinakailangan din na tumayo katulad nito? Si Pedro ba’y kinakailangan din na tumayo katulad nito?”

“Oo.”

¹⁵⁸ Sabi ko, “Kung ganoon ay ipinangaral ko ang bawat Salita na ipinangaral nila. Hindi ako lumihis kailanman mula Rito, sa isang panig man patungo sa kabila. Kung papaano ngang nagsipagbautismo sila sa Pangalan ni Jesus Cristo, ganoon din mismo ang ginawa ko. Kung papaano ngang nangaral sila ng bautismo ng Espiritu Santo, ’yun din mismo ang ginawa ko. Anuman ang kanilang itinuro, ’yun din ang itinuro ko.”

¹⁵⁹ At ’yung mga taong ’yun ay nagsipagbunyi, at ang sabi, “Alam namin ’yan. At alam din namin na kami’y sasama sa iyo, balang araw, pabalik sa lupa.” Sabi, “Darating si Jesus, at hahatulan ka sang-ayon sa Salita na iyong ipinangaral sa amin. At pagkatapos sa sandaling ’yun na ika’y tanggapin na, na tiyak namang ika’y tatanggapin,” at ang sabi, “hayan ngang iprepresenta mo kami sa Kanya, bilang iyong mga tropeo

ng iyong pagmi-ministeryo.” Sabi, “Pangungunahan mo kami patungo sa Kanya, at, sama-sama tayong lahat, tayo’y babalik sa lupa, para mamuhay nang magpakailanman.”

Sabi ko, “Kinakailangan ko na bang bumalik ngayon?”

“Oo. Basta’t magpatuloy ka lang na magtumulin.”

¹⁶⁰ Tumingin ako. At nakikita ko nga roon ang kakapalan ng mga tao, sa abot ng kaya kong tanawin, na haya’t dagsa pa rin ang pagdating, gusto akong yakapin, nagbubunyi, “Kalugud-lugod naming kapatid!”

¹⁶¹ Bigla na lang nung mga sandaling ’yun nagsalita ang Tinig, “Lahat ng iyong iniibig sa buong buhay mo, at lahat ng umiibig sa iyo, ibinigay ng Diyos sa iyo sa Dako rito.” At tumingin ako. At heto ngang paparating ang aking aso noon, hayan ngang lumalapit. Heto ring paparating ang aking kabayo, at ipinatong ang kanyang ulo sa aking balikat, at humalinghing. Sabi, “Lahat ng iyong iniibig sa buong buhay mo, at lahat ng umiibig sa iyo, ibinigay na ng Diyos sa iyong kamay, sa pamamagitan ng iyong pagmi-ministeryo.”

At naramdaman ko ang sarili ko na lumipat ako mula sa napakagandang Dako na ’yun.

¹⁶² At tiningnan ko ang paligid. Sabi ko, “Gising ka na ba, honey?” Tulog pa siya.

¹⁶³ At naisip ko, “Oh Diyos! Oh, tulungan mo ako, Oh Diyos. Huwag Mo po akong ipahintulot na ikompromiso ko ni isang Salita. Iyo pong itulot na ako’y makapanatili nang tuwid sa Salita na ’yun, at ipangaral Ito. Hindi ko alintana anuman ang dumating o lumipas, anuman ang ginagawa ng iba; gaano mang karaming Saul ni. . . mga anak ni Kish ang maglilitawan, gaano mang karaming *ganito*, *ganoon*, o *ano pa*. Iyo pong itulot, Panginoon, na ako’y magtumulin patungo sa Dakong ’yun.” Lahat nitong pagkatakot sa kamatayan. . .

¹⁶⁴ Sinasabi ko po ito, na nasa harap ko mismo ang Biblia ko, sa umagang ito. May munting anak na lalaki ako riyan, apat na taong gulang, na pinapalaki. May siyam na taong gulang akong anak na babae; at isang dalaginding, na ako’y nagpapasalamat, na sila’y tumatahak sa daan ng Panginoon. Diyos, Iyo pong pahintulutan na ako’y mabuhay, na sila’y palalakin ko sa pagpapaalala ng Diyos.

¹⁶⁵ At higit pa roon, hayan nga ang buong mundo na mistulang nagbubunyi sa akin, siyampapung taong gulang na mga babae at mga lalaki, at lahat ng iba-iba pa. “Kung di ka humayo, wala sana kami Rito.”

¹⁶⁶ At, Diyos, Iyong itulot na magtumulin ako sa pakikibaka. Pero kung dumating man ang kamatayan, di ako malulumbay. Magiging kagalakan pa nga ito, magiging isang kaluguran, ang makapasok, mula sa pagkabulok na ito at kadustaan.

167 Kung isasalarawan ko, ang ibayong 'yun, sandaang bilyong milya ang taas, ang kada kuwadradong bloke, at hayun nga ang sakdal na Pag-ibig; na bawat hakbang patungo rito, ay pakitid nang pakitid ito, hanggang sa makarating tayo sa dako na kinalalagyan natin ngayon. Iyon nga'y magiging anupa't anino na lamang ang pagkabulok, na may munti ngang bagay na matatalos natin at mararamdaman na may kung anong bagay nga sa isang dako. Hindi nga natin naiintindihan kung ano Ito.

168 Oh, mga kalugud-lugod kong kaibigan, mga minamahal ko, mga iniibig ko sa Ebanghelyo, mga ipinagkaloob sa aking mga anak sa Diyos, pakinggan n'yo ako, na inyong pastor. Sa inyo po'y, kung may paraan lamang ako para maipaliwanag ito sa inyo. Wala ngang salita; wala akong masumpungan; di 'yun masumpungan kahit saan. Pero sa kabilang ibayo po ng huling hininga na ito, ay naroon ang pinaka maluwalhating bagay na inyong. . . Wala ngang paraan para ipaliwanag ito. Wala nga. Di ko talaga 'yun maipaliwanag. Pero anuman ang ginagawa n'yo, kaibigan, isantabi n'yo mismo ang lahat ng ginagawa n'yo hanggang sa makamit mo ang sakdal na Pag-ibig. Tumungtong ka sa kalagayan na maiibig mo ang bawat isa, bawat kaaway man, bawat ano pang iba.

169 Yaong isang pagbisita ko lamang sa dako Roon, ay sa akin nga'y, binago ako nun. Ako nga'y hinding, hinding, hindi na magiging tulad ng Kapatid na Branham dati. Yumugyog man ang eroplano, kumidlat man; may espiya man na tututukan ako ng baril. Ano man 'yun, wala nang anuman 'yun. Magtutumulin ako sa pakikibaka, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Dahil, ipinangaral ko ang Ebanghelyo sa bawat nilalang at bawat tao sa abot ng makakaya ko, hinihikayat sila patungo sa marilag na Lupaing 'yun sa ibayo.

170 Mukha mang mahirap. Talagang uubos ng maraming lakas. Di ko man alam kung gaano pang katagal. Hindi natin alam, sa pisikal na pananalita. Itong. . . Kung ibabase dun sa pagsusuri sa akin nung isang araw, ang sabi niya, "May dalawampu't limang taon ka pa ng matatag, at magandang buhay. Malakas ka." Nakatulong sa akin 'yun. Pero, oh, hindi 'yun 'yun. Hindi 'yun 'yun. May kung anong bagay dito sa loob ko *rito*. Ang kabulukan na ito ay magbibihis ng di-pagkabulok. Ang may-kamatayang ito ay magbibihis ng walang-kamatayan.

171 Maglitawan man ang mga anak ni Kish. Ako. . . Hayan nga mismo ang magagandang bagay na ginagawa nila, wala akong anumang masama na masasabi laban dito, nagpapamahagi sila sa mahihirap at sa pagkakawang-gawa. At kung maaalala n'yo, hayan ding, sinabi ni Samuel kay Saul, "Magsasalita ka rin ng propesiya." At marami nga sa mga kalalaking 'yun ay dakila, magigiting na mga mangangaral, na magagawang ipangaral ang Salita na parang mga arkanghel. Pero sa kabila nun ay di pa rin 'yun ang kalooban ng Diyos. Ang Diyos ang dapat nilang hari.

Kapatid na lalaki, kapatid na babae, hayaan n'yong ang Espiritu Santo ang manguna mismo sa inyo.

Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali.

Ako'y nalulumbay at uwing-uwi, at ang makita si Jesus ang aking lunggati.

Nais kong maulinigan ang matimyas na kalansingan ng mga kampanilya sa dakong pinagdadaungan.

Paliliwanagin nito ang aking tahakin at lahat ng pangamba'y sadyang paglalahuin.

Panginoon, Iyong itulot na matunghayan ko ang kabilang ibayo ng tabing ng panahon.

Panginoon, Iyong itulot na tumunghay ako lampas sa tabing ng lungkot at pagkatakot, Iyong itulot na makita ko ang maaraw at maliwanag na panahon;

Pananampalataya'y mag-iibayo at lahat ng pagkatakot mapaglalaho;

Panginoon, Iyong itulot na matunghayan ko ang kabilang ibayo ng tabing ng panahon.

¹⁷² Nakatitiyak po ako, Panginoon, na kung ang munting iglesya na ito rito, sa umagang ito, ay makatutunghay lamang sa kabila ng tabing! Wala nang paghihirap sa kalagitnaan nila; hindi na magkakaroon pa. Wala nang karamdaman; wala na't ibayong kasakdalan na lamang. At Ito nga'y isang hininga lang ang pagitan mula dito at Doon, mula katandaan patungong kabataan, mula sa oras patungong Walang Hanggan; mula sa pagkabahala sa hinaharap, at kalumbayang hatid ng nagdaan, patungo sa kasalukuyang panahon ng Walang Hanggan sa dako ng kasakdalan.

¹⁷³ Dalangin ko, Diyos, na Iyo pong pagpapalain ang bawat isa na narito, na kung mayroon man na narito, Panginoon, na di Ka pa nakikilala sa tahakin na 'yun ng Pag-ibig. At tunay, Ama, na walang makapapasok sa banal na Dakong 'yun nang di taglay ang ganoong uri ng Pag-ibig, bagong kapanganakan, na maipanganak na muli. Ang Espiritu Santo, ang Diyos, ay Pag-ibig, at batid po namin na 'yan ang katotohanan. Magawa man namin na pausugin ang mga bundok sa pamamagitan ng aming pananampalataya, na haya't makagawa man kami ng mga kagila-gilalas na bagay, ay hayan pa rin, na kapag di Iyon kamit doon, hindang-hindi kami makapapanhik sa madakilang hagdan na 'yun patungo sa ibayo. Pero kamit Iyon, kami'y itataas Nun lampas sa alalahaning ito na panlupa. Dalangin ko, Ama, na Iyo pong pagpapalain ang mga taong narito.

¹⁷⁴ At nawa, na, ang bawat taong nakinig sa akin, sa umagang ito, ay ipamalita ang Katotohanan na ito, na Ikaw po ang aking patunay, Panginoon, gaya ni Samuel nung unang panahon;

“May sinabi ba ako kailanman sa kanila sa Iyong Pangalan na anupa’t ang katotohanan lamang?” Sila ang mga tagapagdinig. At isinasalaysay ko sa kanila ngayon, Panginoon, na kinuha Mo ako patungo sa Lupaing ’yun. At nalalaman Mo mismo na ’yan nga ang totoo.

175 At ngayon, Ama, kung mayroon man dito na di Ka pa nakikilala, nawa’y ang oras na ito ang oras na sasabihin nila, “Panginoon, Iyo pong ilagay sa akin ang kalooban na maging kalooban Mo.” Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

176 At ngayon, kayo, na mga nagsipagyuko ng inyong mga ulo, maaari n’yo po bang itaas ang inyong mga kamay, at sabihin, “Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham; na ang kalooban ng Diyos ay mapasa akin.”

177 Ngayon habang nariyan kayo sa kinalalagyan n’yo, sige po’t nang may pagkalugod, magagawa n’yo po bang sabihin sa Ama, “Diyos, sa kaibuturan ng puso ko, ngayon, itinatakwil ko ang lahat ng mga bagay sa sanlibutan. Itinatakwil ko ang lahat, nang sa gayon ay maibig Kita at mapaglingkuran Kita, nang buong buhay ko. At gagawin ko po, mula sa araw na ito, mula ngayon, na susunod ako sa Iyo, sa bawat Kasulatan sa Iyong Biblia”? Kung kayo’y di pa nababautismuhan sa Cristianong pagbabautismo, “Gagawin ko po, Panginoon.”

178 “Kung di ko pa natatanggap ang Espiritu Santo. . .” Inyo ngang malalaman kung natanggap n’yo na Ito. Ibibigay Nito sa inyo, bibigyan kayo Nito ng katiyakan at Pag-ibig na kailangan n’yo. Oh, marahil may mga bagay kayong iba na nagawa noon, na nagkaroon kayo ng mga sensasyon, katulad ng nakasigaw marahil kayo o nakapagsalita sa iba’t ibang wika, na siyanga’t mainam naman. Pero kung ang Makalangit na Pag-ibig ay wala rian, paniwalaan n’yo ako ngayon, sabihin, “Panginoon, Iyo pong ilagay sa kaibuturan ng puso ko, at sa aking kaluluwa, ang pag-abot ng Iyong Espiritu, nang sa gayon ako’y makaibig, at makapagbigay dangal, at makamit ang Makalangit na Pag-ibig na ’yun sa aking puso, sa araw na ito, na magdadala sa akin sa Lupain na ’yun sa oras na ang huling hininga ko’y lilisanin na ako,” habang nananalangin tayo. Manalangin kayo, sa sarili n’yo, ngayon. Sa inyong sari-sarili, manalangin kayo, hilingin n’yo sa Diyos na ipangyari ’yun para sa inyo.

179 Minamahal ko kayo. Minamahal ko kayo. Kayo na mga kalugud-lugod na mga kalalakihang nag-uuban na ang buhok na nakaupo rito, na kumakayod nang husto at para mabigyan ng makakain ang maliliit nilang mga anak! Kayo po na mga kaawa-awang, mga matatandang nanay na nagpapahid ng mga luha sa kanilang mga mata! Tinitiyak ko sa inyo ito, kapatid na babae, minamahal, hindi na ganoon sa pagtawid sa panibagong hininga sa ibayo. Naniniwala po ako na narito Ito mismo sa silid na ito ngayon. Nasa kabilang dimensyon lamang ito mula rito

sa kinabubuhayan natin. Sadya ngang kabulukan itong dakong kinabubuhayan natin ngayon.

¹⁸⁰ “Pero iloob Mo sa akin, Panginoon, na ang Iyong kalooban ang masunod.” Manalangin kayo, habang nananalangin tayo nang sama-sama.

¹⁸¹ Nang may pagpipitagan, Panginoon, sa batayan ng Iyong Salita at ng Iyong Banal na Espiritu, kami po’y nagagalak na malaman kung saan galing ang aming Kapanganakan. Kami po’y nagagalak na kami’y “naipanganak hindi sa kalooban ng tao, hindi sa kalooban ng laman, kundi sa kalooban ng Diyos.”

¹⁸² At idinadalangin namin, ngayon, Ama, na sila na narito na humihiling ngayon para sa biyayang pagpapatawad, na ang Iyo pong Espiritu mismo ang gumawa sa gawaing ’yun, Panginoon. Wala po kasing paraan para ako mismo ang gumawa nun; isa lang po akong tao, isang anak na lalaki lamang ni Kish. Pero hayan nga’t Ikaw po ang kailangan namin, ang Espiritu Santo.

¹⁸³ Diyos, Iyo pong itulot na ako’y maging katulad ni Samuel, ang isa na nagsasabi ng Katotohanan ng Salita. At Iyo ngang pinapatotohanan Ito, mapasa hanggang ngayon, at naniniwala ako na Iyo pong ipagpapatuloy, basta’t manatili lamang akong tapat sa Iyo.

¹⁸⁴ Nawa silang lahat ay tumanggap sa oras na ito ng Buhay na Walang Hanggan, Ama. Nawa ang araw na ito ay di mawaglit sa kanila kailanman. Na sa oras na sila’y yayao na sa mundong ito, nawa itong, isinaysay ko sa kanila, ay tumugaygay patungo sa realidad. At habang nakaupo kami rito, na mga mortal, sa araw na ito, sumisilip sa aming relo, iniisip ang pananghalian namin, ang trabaho kinabukasan, ang mga alalahanin at mga pagsusumakit sa buhay, hindi na nga magkakanito pa Roon. Lahat ng ito ay lilipas. Wala nang magiging alalahanin pa; at isang dakilang paglalakip na lamang ng kagalakan na Walang Hanggan. Iyo pong ipagkaloob sa kanila ang ganoong uri ng Buhay, Ama, sa bawat isa. At nawa . . .

¹⁸⁵ Hinihiling ko po sa Iyo, Ama, na ang bawat isa na narito sa umagang ito, na nakapakinig sa akin nang isaysay ko ang pangitain na ito, nawa’y makatagpo ko ang bawat isa sa kanila sa kabilang ibayo; gayong may mga kalalakihan dito na di maniniwala sa akin marahil, at maging kababaihan, din. Pero, Ama, huwag nawa itong sumagabal sa aming tahakin. Nawa’y makatagpo namin sila sa dako Roon, at sila’y sumalubong, din, at yayakapin namin ang isa’t isa, na nagbubunyi, “Kalugud-lugod naming kapatid.” Nawa’y maging katulad nga ito nung ipinakita Roon, Panginoon, sa lahat, lahat ng minamahal ko, at lahat ng nagmamahal sa akin. Idinadalangin ko po na maging ganoon ito, Panginoon. At iniibig ko silang lahat. Sila’y mapa dako nawa roon, Ama. Ako’y nag-aalok sa kanila ng Buhay na Walang Hanggan ngayon. Nawa’y gawin nila ang bahagi nila,

na tanggapin Ito. Sapagkat hinihiling ko po ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁸⁶ May kaunti pa tayong panahon, para makapanalangin para sa mga maysakit. Nakikita ko na may munting, kabataang babae rito na may sakit, at isang binibini sa silyang de gulong.

¹⁸⁷ Ngayon, sa akin pong mga minamahal na mga kapatid na lalaki, mga kapatid na babae, huwag n'yo po sanang mamali ang pagkaunawa sa akin. Hindi ko—hindi ko po alam kung ano 'yung nangyari. Hindi ko alam kung ano 'yung nangyari. Pero, Diyos, kapag ako'y mamatay, ako nawa'y makabalik sa dako Roon. Iyo pong itulot na makapunta ako sa Dakong 'yun, na dakong gusto ko talagang puntahan, saanman 'yun. Hindi ko po ipinipilit na maging isang Pablo na inagaw noon paitaas sa ikatlong kalangitan. Hindi po 'yun ang sinasabi ko. Naniniwala ako na sinisikap lamang ng Diyos na palakasin ang loob ko, sinisikap na bigyan ako ng kaunting bagay para magtumulin pa, dito sa bago kong pagmi-ministryo na paparating.

Di naman po siguro kawalang-pitagan kung may basahin lang ako rito, nang ilang minuto? Ayos lang po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

¹⁸⁸ Isa sa nangungunang magasin ng bansa, si Billy Graham. [Binabasa ni Kapatid na Branham mula sa isang artikulo, ang mga sumusunod—Pat.]

¹⁸⁹ "Si Doktor Billy Graham Ay Inanyayahan Sa Mga Islam," dito sa unang pahina ng *The Afrikaans Times*, ika-labinglima ng Pebrero, 1960. Ang manunulat ng artikulong ito, na isa pong Muslim, Mohammedan, iniisip nga niya na ang mga himala ay nararapat lamang na lumalaki sa pangangaral ng Ebanghelyo ni Cristo, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. "Sinisipi natin dito, 'Ganito. Ipinangako ni Cristo sa Kanyang mga tagasunod, noong sabihin Niya, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya; lalong dakila pa kaysa sa mga ito ang gagawin niya." Ang Iglesia ba'y ginagawa ang mismong mga gawa na ito, na, siya—siya namang mga katangian ni Cristo sa Biblia? Magagawa ba Nito ito sa panahon ngayon? May matutukoy ba na kahit isa ang sinumang iglesia, na may nagpamalas ng kahit kalahati ng mga himalang ipinamalas ni Cristo, na diba't ang sinasabi pa nga'y "lalong dakilang mga gawa"? Magagawa mo ba, bilang isang indibidwal, na kilala't, kinatawan ng mga Cristiano, na humayo, na ibangon ang mga patay sa pisikal nitong buhay? Magagawa mo bang makapaglakad sa ibabaw ng mga dagat? Magagawa mo bang pagalingin ang maysakit at pagkalooban ng paningin ang bulag? Hindi ba't ito, katulad nga ng binanggit sa itaas ay isang kabalintunaan, na napuna ng Mohammedan? O itinalaga...o ang mismong palatandaan ni Cristo...?...sa mga tagasunod katulad ng mismong binabanggit ng iba, o nasa

paniniwala n'yo mismo? Maliwanag na inilalahad ng artikulong ito na isinulat ng Muslim ang di pagkaka ayon-ayon mula sa isang pagpapahayag hanggang sa sumusunod pa.”

¹⁹⁰ Pinamamalian nila ang Muslim na ito, pero tama naman siya. Pero heto nga ang isinagot nila dun. [Binabasa ni Kapatid na Branham mula sa artikulo, ang mga sumusunod—Pat.]

¹⁹¹ “Ang pinakamainam na sagot dito ay basahin ang Biblia, at alamin ang Koran. Isinasaysay ng Koran . . . na . . . isinasaysay ang pagkakaroon ng paghahambing na ito. Ang pahayag na ito ng Mohammedismo na paninira at pagyurak sa Cristianismo, ay isa lamang p-r-e-t-e-n-s-i-y-o-s-o, pretensiyoso,” ang basa marahil dito, “na imahinasyon. Ang manunulat nga’y, haya’t, pinuna ang mahalagang bahagi na ito patungkol sa mga himala na bahagi ng Iglesia. Pero heto nga’t may pagaagam-agam kami sa sinseridad ng manunulat, dahil sino bang makakapag turo’t pasusubalian ang mga himala na ginawa ni Rev. William Branham sa harapan ng mga Muslim sa Timog Aprika, noong sampung libo ang tumanggap kay Cristo bilang Tagapagligtas? Sa ilalim ng pagmi-ministryo ni William Branham, sa Durban, Timog Aprika, at sa iba pang panig ng mundo, o kay T. L. Osborn ng Kanlurang Aprika. Tunay, na tumitindig kami nang sangdaang porsiyento para kay Billy Graham. Ang tinatalakay dito na punto ng usapin, ay di na . . . haya’t ang punto ng usapin na ito ay di na kailangang bigyan ng halaga.”

¹⁹² Pero sa kabila ng bawat maliit na bahagi n’yan (tinatawag nila ako . . . sinasabi nila na mga panatiko tayo, na di raw natin alam ang pinag gagagawa natin) pero hetong nagpapatotoo sila mismo, sa kanilang sariling babasahin, na Diyos ang may gawa nun, ano’t anuman. Ang Diyos nga’y ganoon pa ring Diyos, ngayon, kung papaano Siya noon. Iniisip n’yo marahil na di nila ito pinaniniwalaan, na di naman nila ito nakikita. Hindi po ito maitatago; hindi po ito ipinangyayari sa kung saang tagong sulok. At makailang daang libong mga tao ang nakaupo noon dun, na nasaksihan nila ito mismo. Nung masaksihan nga nila ang pilay na ito, na batang lalaki na nagdurusa na lumapit dun, sinaysay sa kanya ng Espiritu Santo ang kanyang buhay, at mga bagay-bagay, at kung anong nangyari sa dakong ’yun. At ang makita nga ang makasampung libong mga Muslim na nagsi luhuran mismo sa lupa, nagpatirapa, para tanggapin si Jesus Cristo bilang sarili nilang Tagapagligtas.

¹⁹³ May mga T. L. Osborn pa rin tayo, at iba pa, na nananatili pa ring nagpapakain ng Pagkain-ng-tupa. Sa palagay ko’y di pa nakakahayo si Kapatid na Osborn nang lubusan sa dako ng mga Muslim. Sinasabi nila na malakas daw sila doon. Pero may Diyos pa rin tayo na may kakayahang iligtas ang tupa sa leon, magagawang iligtas ang tupa mula sa oso.

194 Mainam nga ang maidudulot nito sa akin na malaman ko na isinulat nila 'yun at kinikilala nila ito. Hindi, iniisip nila na hindi; lumalakad nga sila nang palayo at tinatalikuran ito, at sinasabi pa nga, "Ah, ang araw ng mga ganoon ay lipas na."

195 At sasabihin tuloy ng Muslim, "Ganoon ba? Kung ganoon ay ang buong Biblia pala'y lipas na rin. Mali pala kayong lahat. Ang sinasamba n'yo ay isang Tao, isang Tao na namatay, at ang Pangalan Niya ay Jesus. At namatay Siya, matagal-tagal nang panahon ang nagdaan, at di nga nangyari na Siya'y nagbangon mag-uli."

196 Pero di nga nila 'yun masabi sa pagtitipon doon sa Durban. Hayun kasi Siya na tumindig dun na ginagawa ang siya ring bagay na ginawa Niya noon, isa ngang pagpapatunay 'yun sa kanila. Ngayon maging 'yung-'yung mga denominasyon ay babalik at babalikan nila talaga 'yun, 'yung mismong nagsulat at nagsabi sa akin noon na dapat ko raw tugaygayin-pabalik sa Biblia ang katuruan ko, mangyaring siya mismo ang sumulat nun sa kanilang babasahin. Gagawin nga ng Diyos na purihin nila Siya, ano't anuman, hayan nga, kahit ano pang mangyari. Tama 'yun. Gagawin nga Niya na kanilang purihin Siya, ano't anuman.

197 May munti tayong, batang babae rito na may sakit na nakaupo rito. Anak n'yo po ba? Anong iniinda niya, kapatid na babae? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Pagdurugo sa utak."—Pat.] Ginang? ["Pagdurugo sa utak."] Pagdurugo sa utak. ["Sumulat po ako sa inyo noon, mga ilang taon na rin ang nakararaan, tungkol sa pagdurugo niya sa utak."] Oh, siyanga. ["Siya'y nagdurusa't, mag-aapat na taon na ngayong Agosto."] Apat na taon na, ngayong Agosto. ["Pinuntahan na siya ni Kapatid na Neville noon."] Oh, sa Marengo po ba ito, o saan man sa dako roon? ["Paoli."] Paoli. Ang batang babae pong ito pala 'yun, kung ganoon? May nag-iisang bagay lamang, nanay, na maililigtas mo ang batang babaing ito: 'yun nga'y, ang kilalanin siya ng Diyos. ["Siya'y umiigi na nga ang kalagayan kumpara nung dati."] Nagagalak akong marinig 'yan.

198 Nabisita mo na ba siya noon para ipanalangin, Kapatid na Neville? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Siyanga, po."—Pat.] Mula nung bisitahin siya ni Kapatid na Neville at ipanalangin, umigi na ang lagay niya. Tunay ngang may mga pastol pa rin na kumikilala sa Pagkain-ng-tupa.

199 Ano pong iniinda n'yo, minamahal na kapatid na babae, na nakaupo riyang sa silyang de gulong, mo na 'yan? [Sinasabi ng isang kapatid na babae, "May kanser po siya."—Pat.] Kanser.

200 Buweno, kung may hihilingin lamang akong isang bagay sa iyo, marahil dito mismo. Ilan po sa mga narito ang gumaling na sa pamamagitan. . . mula sa kanser, itaas n'yo po ang inyong mga

kamay? Tumingin ka rito, kapatid na babae. [“Siya’y bingi na kung tutuusin, at di niya marinig ang sinasabi mo.”—Pat.]

²⁰¹ Ang Diyos ang tagapagpagaling. Alam natin ’yan. Kung sasabihin ko sa iyo na magagawa kong lumapit diyan at alisin ang pagdurugo na ’yan mula sa batang babaing ’yan at paigihin ang lagay niya, mali nga ang sinasabi ko sa iyo; o ang alisin ko ang kanser na ’yan sa babae. Pero heto nga ang isang bagay na nalalaman ko, na may oso; isang kanser, isang tumor, isang pagkabalag, at maging kamatayan, na sumakmal sa ilan sa mga tupa ng Diyos, isang araw. At ako’y humakbang taglay-taglay ang Kapangyarihan ng Diyos, at pinaslang ko siya at dinala ko pabalik ang tupa. Siyanga. At tayo nga’y hahakbang ngayon, di taglay ang kung anong kagila-gilalas na bagay, na *ganito-at-ganoon*. Ako nga’y humahakbang dala-dala ang isang simpleng munting tirador ng panalangin. Kanyang ipanunumbalik siya.

²⁰² Sinasampalatayanan mo ’yan, hindi ba, kapatid na babae? Sinasampalatayanan mo, rin, kayo rin po, kapatid na babae? Ilan po sa inyo ang sumasampalataya nang buong puso n’yo ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

²⁰³ Ngayon iyuko n’yo lamang po ang inyong mga ulo habang dadako na ako sa pananalangin. [Iniwan muna ni Kapatid na Branham ang mikropono sa pulpito at ipinanalangin ang mga maysakit, habang tinutugtog ng piyanista ang *Only Believe*—Pat.]

²⁰⁴ Minamahal na Ama, narito ang isang maganda’t kabataang babae na nakaratay rito, na hindi na makalalakad pa kahit kailan, o makagagalaw man, maliban na Iyong tulungan siya. Sinakmal siya ng kaaway. Ang kalagayan niya ay di kayang abutin ng kahit sinong doktor. Tinangay siya ng kaaway sa dako na talagang napakalayo sa kung saang kalagayan, na ang doktor ay di niya malaman kung anong dapat niyang gawin. Pero siya nga’y di malayo sa kaya Mo pong abutin, Panginoon. Siya nga’y nasa isang dako na Iyo pong maiaabot ang Iyong kamay sa kanya. Sa batayan ng Salita ng Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kabataang babae na ito, at sinasaway ko ang pagdurugong ito sa utak. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, Iyo pong salitain na panumbalikin ang babaing ito na siya’y maging normal uli. Siya’y mabubuhay sa ikaluluwalhati ng Diyos. Siya nawa’y gumaling na, na makapaglalakad papasok at palabas ng simbahang ito, katulad ng iba pa na pumapasok dito, na sadyang katulad nga nito, na nagpupuri sa Diyos. Siya nawa, sa pamamagitan ni Jesus Cristo.

²⁰⁵ Hayan nga ang pamumuti ng kanyang buhok, na kaunting pag-inog na lamang, at siya’y paroroon na sa Lupain sa ibayo kung saan nakita ko na wala nang pagtanda, bagkus kabataan na lamang. Pero ang kanya ngang mga minamahal sa buhay ay nauupo rito, umiiyak, at mahal na mahal siya. Ang mabangis na

kaaway nga'y sinakmal siya at tinangay sa di na kayang abutin ng doktor, itong nakakatakot na leon ng kanser. Diyos, ako nga'y paroroon, para sa kanya. Ako'y paroroon para ibalik siyang muli. Pinapaslang ko ang leon na ito ng kanser, sa Pangalan ni Cristo na di madadaig, na aking kinakatawan. Siya nawa'y lisanin na nito, at siya'y gumaling na, at mabuhay nang marami pang mga taon, na heto ngang, sa ikapupuri at ikaluluwalhati ng Diyos, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na aming Panginoon.

²⁰⁶ Ngayon, Makalangit na Ama, di nga sa anupamang kagilakilala na baluti, ni ng pinakintab na sibat man, na pananalita o bokabularyo ng kung sinong mananalumpati, kundi nang pangkaraniwa't, simpleng tirador lamang ng pananampalataya. Ako po'y humahakbang para sa kaluluwa na ito, at sa katawan na ito na tinangay ng kaaway na kanser sa dakong di kayang abutin ng doktor. Pero ako nga'y pumaparoon sa kanya, sa umagang ito, Panginoon, ipinanunumbalik siya sa malilim na luntiang pastulan at tubig na pahingahan. Sa Pangalan ng mananagumpay na Jesus, na ako'y kinatawan Niya. Taglay ang di mapagkunwaring pananampalataya, sumasampalataya ako na maipanunumbalik siya, sa pamamagitan ng kapangyarihan na ito ng panalangin na aming idinalangin. Mangyari nawa.

²⁰⁷ [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham sa isang naroon, at pagkatapos ay bumalik na sa mikropono sa pulpito—Pat.]

²⁰⁸ [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham kay Kapatid na Neville—Pat.] Sa palagay ko'y may gawaing pagbabautismo. Mayroon po ba? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Mayroon, po. May dalawang mangangaral na nagdala ng ilang mga tao para mabautismuhan."—Pat.]

²⁰⁹ Maaari n'yo po bang itaas ang inyong ulo pansumandali? Sinasabi po sa akin ng pastor . . .

²¹⁰ Heto nga ang ilan na sadyang, sadyang may malubhang sakit. Igi sila. Basta't huwag. . . Aayos ang lahat. Ang pangako ng Diyos ay di nabibigo. Atin silang pupuntahan.

²¹¹ May gaganapin pong gawain para sa pagbabautismo. May ilang mga tao rito na magpapabautismo. Magdadaos uli tayo ng gawain mamayang gabi.

²¹² Mayroon po ba rito na di na makakapunta mamayang gabi, na nagnanais na handugan namin kayo ng panalangin ngayon, na di na po makakapunta rito mamayang gabi? Sige po't lumapit lang po kayo rito, sa inyo na di na makakapunta mamayang gabi. Marami pa po akong oras; magpapapila tayo para sa pananalangin, mamayang gabi. Babautismuhan lamang nila ang ilang tao rito.

²¹³ May munting batang lalaki nga kayo riyan? Sige po. [Isang kapatid na lalaki ang nagpunta sa harap at sinabi kay Kapatid na Branham, "Ayos lang po ba kung ibibigay ko ito sa inyo?"—Pat.] Ayos lang, kapatid. Salamat, na marami. Ayos lang

po ba kung basahin ko ito mamaya o ngayon na po ba? Salamat po, ginoo.

²¹⁴ Ngayon kung bibigyan n'yo lamang kami rito ng isang minuto o dalawa, maya-maya'y gaganapin na po natin ang—ang gawain para sa—para sa pagbabautismo. Alam ko po na gusto n'yong masaksihan ito. At sa mga nagnanais ng bautismo sa umagang ito, buveno, kayo, sa mga kababaiha'y magpunta lang sa gawi *rito* para magpalit ng kanilang damit, at ang mga kalalakiha'y sa gawi naman *dito*. Tapos habang nananalangin ako para sa mga maysakit, siguro'y maghanda na kayo para sa gawain ng pagbabautismo. At sa kanila naman ngayon na . . .

²¹⁵ Ngayon, mamayang gabi, sisikapin ko pong magpapila ng—ng munting pila para sa pananalangin, mamayang gabi, agad-agad, sa pagkapasok na pagkapasok nila rito. At magsisimula tayo sa Unang Aklat ng Mga Taga-Efeso, mamayang gabi. At lubos naming ikatutuwa kung makadadalo kayo, kung wala po kayong simba na pupuntahan. Pero kung may sarili po kayong pastor at simbahan, sige't kayo—kayo po'y dumalo lamang sa kalugud-lugod n'yong simbahan na dakong tinataguyod n'yo.

²¹⁶ Kung kayo po'y paalis na, at kinakailangan nang umalis sa oras na ito, pagpalain kayo ng Diyos. Samahan n'yo lamang uli kami rito sa abot ng makakaya n'yo. Ikagagalak nga namin na makasama kayo rito.

²¹⁷ Kayo rin ba'y humihiling ng panalangin, din, kapatid na lalaki? Anong iniinda mo? Mataas na presyon ng dugo.

²¹⁸ Ngayon, ang lahat po'y, iyuko n'yo lamang ang inyong ulo, pansumandali, tayo po'y mananalangin.

²¹⁹ Ama, pinasasalamatang Ka namin, sa araw na ito, para sa simpleng tirador na ito ng pastol, itong panalangin na ito na nagpaluhod sa leon sa kanyang tuhod, at nang sa gayon ang munting kordero ay maagaw mula sa kanya, at madala pabalik sa kanyang nanay at tatay. Idinadalangin ko po ang kapatid naming lalaki na ito. Hinihiling ko po na Iyong dalhin siya nang may buong pag-iingat, din, Panginoon. Nawa ang presyon ng dugo at suliranin sa kanyang katawan ay mawaglit. Ako po'y nakikibaka patungo sa kanya, Panginoon, para ibalik siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Siya nawa. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

Habang lumalapit ka rito, napansin ko na may hawak ka riyon, na batang lalaking bulag.

²²⁰ May isa pa pong bagay na gusto kong sabihin. Ako nga'y may . . . masama ang pakiramdam ko, nagsusuka ako. At naisip ko . . . Ayaw ko pong mapalampas mo ito, kung magagawa mo naman. Naisip ko, "Diyos, ano ngang maipaglilingkod ko kung may marinig akong humimpil sa labas? Sasabihin ng maybahay

ko, 'Billy, may isang matandang lalaki rito na gustong makipag kita sa iyo.'

221 "At heto ngang tutuloy dun ang isang munti, kalbo nang lalaki na 'yung namumuti niyang balbas ay nakalaylay mismo sa paligid ng kanyang mukha. Haya't papasok nga siya, na sasabihin, 'Ikaw ba si Kapatid na Branham?'

"Sasabihin ko, 'Siyanga, po, ako po 'yun.'

222 "“Ang pangalan ko ay Simon.’ Ipatatong ang kamay niya sa akin, at titingin sa akin nang ilang sandali. Sasabihin, 'Isa kang mananampalataya, Kapatid na Branham.’

“Opo.’

223 "“Magiging maayos na ang lahat.’ Si Simon Pedro 'yun, ng Biblia. Gaano na lamang ang pasasalamat ko kung ganoon! Di nga siya magsasalita ng anupamang mahaba. Ipatatong lang niya 'yung kamay niya sa akin. Magiging maayos na ang lahat.”

224 At pagkatapos heto ngang pupukaw sa akin, sa tulong ng Diyos, at sa biyaya ng Diyos, na may makasampung libong mga tao pala ang nananampalataya sa gayon ding bagay, kung ako lamang ay makalalapit sa kanila. At naisip ko, “Panginoon, Iyo pong ipahintulot na makapunta ako sa bawat isa sa kanila, kung ganoon. Iyo pong itulot na ako'y sadyang—sadyang . . .”

225 Naisip ko nga, “Kung si Simon, o kaya naman si Pablo, o sinuman sa kanila, ay tutuloy dun at magsasabi, 'Ikaw ba si Kapatid na Branham?'

“Opo.’

226 "Ipatatong ang kanilang mga kamay sa akin, at titingin sa akin, at sasabihin, 'Ayos na, Kapatid na Branham,' tapos aalis na rin.

227 "Gagaling nga ako. Aayos ang lagay ko. Sigurado 'yun. Sasabihin ko . . . Naku, talagang mas iigting pa ang lakas ng loob ko. Sasabihin ko, 'Magiging maayos na mismo ang lagay ko.'” Siyanga, po.

228 At may mga tao nga na ganoon na ganoon mismo ang pananampalataya ngayon. At 'yan ang ipinarito ko para gawin, ang patungan kayo ng mga kamay, humiling sa Diyos.

229 [Iniwan muna ni Kapatid na Branham ang mikropono sa pulpito at ipinanalangin ang maysakit—Pat.]

230 Gusto ko pong samahan ang munting batang lalaking ito, kapatid na babae, pansumandali. Ito pong munting, bulag na batang lalaki. Gaano na bang katagal siyang bulag? [Sinabing kapatid na babae, “Mula sa pagkabata niya.”—Pat.] Mula pala sa pagkabata niya. Kumusta, munting bata! Oh, ang bait mo naman, munting batang lalaki. [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham sa isang naroon.]

²³¹ Oh mapagbiyayang Diyos! Sa dakong di na kayang abutin ng mga doktor, na sa kapanganakan pa lang ng munting batang lalaking ito, na ipinanganak siyang bulag, at di siya makakita; ang kaaya-aya't, kalugud-lugod na batang lalaking ito. At ang kaaway nga, bago pa man magkaroon ng pagkakataon ang munting batang ito sa buhay, tinangay na siya agad sa dakong di kayang abutin ng doktor. Kaya, ako'y pumaparito para sa kanya, sa umagang ito, Panginoon. Sa simple't, munting tirador na ito ng pananalangin. Iyo pong itulot na maipanumbalik ko ang bata, Diyos. Hinaharap ko ang kaaway, ang diyablo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at inaangkin ko ang batang lalaking ito para sa Diyos. Inaangkin ko ang kanyang paningin, para sa Diyos, ipinapanumbalik sa batang ito ang bagay na ninakaw sa kanya ni Satanas. Nawa'y makamit na niya ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, mangyayari nga. Sinalita ko ito.

²³² Ngayon, kapatid na babae, binibini, ngayon nga'y huwag mong pag-alinlanganan ito ni kaunti, na anupa't ang munting batang lalaking ito'y magiging maayos na ang lagay. Gusto kong dalhin mo uli siya rito pabalik sa simbahan, at ipakita sa mga tao, na siya'y nakakakita na. Ipinagkaloob na sa kanya ang kanyang paningin, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

[Naikipag-usap si Kapatid na Branham sa isang naroon—Pat.]

²³³ Panginoong Jesus, ipinapatong. . .Heto nga ang munting batang ito na hinandugan namin ng higit-higit na panalangin! Pero, sa umaga pong ito, ako'y nagsusumamo muli sa Pangalan ni Jesus Cristo, dala-dala ang munting tirador na ito na Iyong ibinigay sa akin. At ako nga'y tinulungan mo sa pamamagitan nito, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong Kapangyarihan, na agawin ang . . .mula sa bibig ng kanser, mula sa mismong bibig ng kamatayan, na nagbangon sa patay matapos na ideklarang patay na, at narooing nakaratay na naninigas na't malamig na. Akin pong tinutugis ang kaaway na ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kaya Iyo pong ipanumbalik siya sa mabuting kalusugan muli, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ito. Mangyari nawa ito, para sa ikaluluwalhati ng Diyos.

²³⁴ At narito ka para maipanalangin? [Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Isa kang mananampalataya? ["Opo! . . .? . . ."] Panginoon, akin po siyang dinadala, sa dakong naaobot ng munting tirador na ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, siya'y lisanin na nito at di na kailan balikan pa.

²³⁵ [Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Buweno, ang siya ring munting tirador na 'yun, na umabot at sinagip si Kapatid na Harley, ay hayang ding para sa iyong anak na babae at para sa iyong sarili.

²³⁶ Ngayon, Makalangit na Ama, heto po akong tinutugis ang kaaway, gamit ang munting tirador na ito na Iyong ibinigay sa akin, sapagkat sinabi Mo, “Kung magagawa mo na ang mga tao’y makapanampalataya, at maging taos-puso sa tuwing ika’y mananalangin,” ang munting bato na ’yun ay tatama mismo sa punterya na mapapaslang nito. Nawa’y tumama na ito ngayon, Panginoon, habang akin itong pinatatama sa kahilingan niya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, mangyari nawa. Amen.

[Sinasabi ng kapatid na babae, “Haya’t ang mga daliri ko’y kay inam na.”—Pat.]

²³⁷ [Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Sige po, kapatid na babae. Ngayon tayo nga’y...yang pagkanerbiyos na ’yan ay di kayang abutin ng mga doktor. Marahil mabibigyan ka nila ng kung anong tila magpapakalma riyon, pero palulubhain lang nito ang lagay mo, pagkatapos nun. Siyanga. Ngayon tingnan mo. Tayo nga’y makikipagbaka para tugisin ’yun, sa umagang ito. Hahayo; para ipanumbalik ka muli. [Blangkong bahagi sa teyp.]

²³⁸ Panginoong Jesus, . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . limang maliliit na bato, f-a-i-t-h, [*Pananampalataya* sa Tagalog—Tag.] at kalakip nang tirador na ito ng pananalangin. At akin ngang ipinanunumbalik ang kapatid kong babae na ito mula sa pagkakasakmal ng pagkanerbiyos. . . ?. . . sa ibayo. Siya nga’y ipinanunumbalik ko sa kapayapaan at sa malilim na luntiang mga pastulan at tubig na pahingahan. Ginagawa ko po ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

[Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.]

²³⁹ Diyos Ama, ang munting batang babaing ito, kami po’y nagagalak na di ito muscular dystrophy. Pero ano pa man ’yun, ito nga’y abot ng Iyong maaabot, Panginoon. At heto po akong humahayo dala-dala ang munting tirador ng pananampalataya, at ang bato na ito. At patatamain ko ang bato na ito ng buong lakas ko na aking maipupukol ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa’y tamaan nito ang dakong tatamaan. Ang aming kapatid na babae’y umigi na nawa. Ginagawa ko po ito sa Pangalan ni Jesus Cristo.

[Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.]

²⁴⁰ Heto nga ang isang batang-batang nanay, at ang kanyang maliit na anak, isang maliit na bata na may pagnanais siyang makatagpo sa dakong ’yun sa ibayo, sa kabilang ibayo, sa maluwalhating Lupain na ’yun na aking ipinapangusap. At sila nga’y. . . Ang nanay nga’y di mabubuhay ng. . . maitataguyod ang munting batang ito, at gayon din na ang munting bata na ito ay di nga mabubuhay nang wala ang Iyo pong tulong. Pero heto po akong nakikipagbaka dala-dala ang tirador, nang may

buong lakas at pagpunterya na aking gagapiin ang kaaway. At sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipatatama ko ito sa kaaway. Sila'y iigi ang lagay, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

[Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.]

²⁴¹ Oh, napaka inam nga n'yan. Ikinatutuwa ko. Buweno, ang pagmi-ministeryo ngang 'yan, kung ganoon, ay ang pinaka dakilang pagmiministeryo ng pagtuturo sa mga tao. Tumuturo ito doon sa mga gawang...?...

²⁴² Makalangit naming Ama, tinangay ni Satanas ang munting nanay na ito sa dako na di kayang abutin ng mga doktor. Ang magagawa lang nila ay magpatama ng gamot sa direksyon nun, Panginoon, na ang mangyayari nga'y magugutay lang siya, nang magugutay, na di na nga niya mawari kung saan na siya hahantong. At kapag humantong na siya sa kalagayang 'yun, mas malubha na nga siya. Pero ako nga'y pumaparoon dala ang tirador na ito ng pananampalataya, na may kalakip na bato, na patatamain ito nang diretso, para sumakto mismo sa punterya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, iniaalis ko ang pagkanerbiyos na ito mula sa kanya, para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Amen.

[Nakikipag-usap ang isang naroon kay Kapatid na Branham—Pat.]

²⁴³ Minamahal na Diyos, si Kapatid na George nga'y nakaratay sa isang dako, nag-aagaw buhay, hindi pa katagalan. Nakita ko kung anong nagawa sa kanya ng pananampalataya. Ngayon siya'y may rayuma, Panginoon. Naisip namin na maaari nga nilang bigyan siya ng cortisone, anumang bagay na kahit paano ay magpapagaan ng kirot, pero hindi nga nun aalisin ang sakit na 'yun. Kaya idinidirekta namin ang panalangin na ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang rayuma nga'y mawala. Siya nawa'y makauwi na't maging maigi na ang lagay.

Salamat, kapatid.


²⁴⁴ Kumusta po kayo, ginang? [Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Oh, naku! Pagkabingi. Nakakarinig ka ba kahit paano? Uh-huh. Sadya ngang di kayang abutin ng panlaman na kaalaman! Isa ka po bang mananampalataya sa Panginoong Jesus? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Amen."] May makikita akong magandang babae sa dako Roon, isa sa mga araw na ito. Magiging bata ka uli nang magpakailanman. Alam ko na gusto mong mamuhay ngayon sa Kanyang kaluwalhatian. Manunumbalik sa isang...

²⁴⁵ [Sinasabi ng kapatid na babae, "Hindi po, ako po'y may paghihinagpis pa rin para sa anak kong lalaki."—Pat.] Sa anak mong lalaki. ["Magdadalawang taon na po siyang wala,"] Hindi mo ba siya mahanap? ["Nasa kamay na siya ng Diyos."] Oh, siya—siya pala'y yumao na? ["Uh-huh. Sa libis ng kamatayan."]

Oh, siyanga. ["At ang paghihinagpis ko."] Naghihinagpis ka. Siyanga. ["Ako po'y naghihinagpis. . . Labis na naghihinagpis. At nararamdaman ko, na kung loobin ng Diyos, hinahangad ko na ako'y kunin na Niya. Walang kalungkutan sa Kanya."]

²⁴⁶ Kapatid kong babae, ginang, gusto kong malagay ka sa kalagayan na mainam ang lagay mo. Napakinggan ba niya ang tungkol sa pangitain, nitong umaga? [Sinasabi ng isa pang kapatid na babae, "Nakakarinig naman siya nang maayos."—Pat.] Sige, sabihin mo ito sa kanya.

²⁴⁷ Buweno, sasabihin nga niya sa iyo kung anong nangyari. Doon lamang sa ibayo ng hininga mo rito, may isang kalugud-lugod na binatang lalaki ang naghihintay sa iyo. Ikaw nga'y magiging kabataan tulad niya. Pag-ibig, sadyang ibayong pag-ibig lamang. . . [Sinasabi ng kapatid na babae, "Hindi ko na po gustong manatili pa. Gusto ko na pong makatungo sa kanya, kung loloobin ng Diyos."—Pat.]

²⁴⁸ Minamahal na Makalangit na Diyos, ang tahakin ng buhay ay sadyang papatapos na. Wala na ngang gaanong natitira pa. At ang pinaka mamahal niyang anak na lalaki, ay naroon na sa kabilang ibayo ng ilog, na kung nakababaling lamang siya rito, ay hayang sasabihin niya, "Kaunting panahon na lamang." Ang kapatid na babaing ito'y naghihintay na sa bangka, Panginoon, na magdadala sa kanya lampas sa makapal na ulap, patungo sa maluwalhating Lupain na 'yun. Iyo pong pagpalain siya nang lubos. Ama, at aliwin ang kanyang puso. At nawa'y maging isang dakilang pagkikita muli 'yun, doon sa kabilang ibayo ng ilog. 

ANG TINANGGIHANG HARI TAG60-0515M
(The Rejected King)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Mayo 15, 1960 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org